

# ANG OBRA MAESTRA

 Iyuko natin ang mga ulo natin ngayon para sa pananalangin. Habang nakayuko ang mga ulo't mga puso natin sa harapan ng Diyos, iniisip ko—iniisip ko kung ilan kaya rito ang may kahilingan na nais nilang maalaala sa Diyos, sige't itaas n'yo lang ang mga kamay n'yo? Ngayon, panghawakan n'yo ang kahilingan n'yo ngayon habang nananalangin tayó.

<sup>2</sup> Panginoong Jesus, Ikaw po ang—ang Bukal, ang di-naubos na Bukal ng Buhay, dumaloy Ka po sa amin ngayon, Panginoon, at linisin kami sa lahat ng kawalan ng pananampalataya at lahat ng kasalanan, nang sa gayon kami'y makatayo sa Iyong Presensya ngayon, yamang nababatid namin na may pangangailangan sa kalagitnaan namin, na batid naming kami'y mga makasalanan at hindi—hindi karapat-dapat sa anumang pagpapala. Pero sa kabila po nun kapag naiisip namin Siya Na dumating at umako sa mga kasalanan namin! Hayan po, na yamang nariyan ang Kanyang Dugo, ay hindi—hindi na kami ang tumatayo roon sa Presensya ng Diyos, Siya na. Tinig na lamang po namin sa pamamagitan ng Kanyang Dugo. Ang Kanyang Dugo na ang nagsasalita. Oh Diyos, kaya naman po linisin Mo ang mga puso namin mula sa kasalanan at kawalan ng pananampalataya.

<sup>3</sup> Ipagkaloob Mo po sa amin ang mga hangarin ng puso namin, dahil tunay na may mga hangarin kami na mapaglingkuran Ka. Sa nakapanghihina pong mga kalagayan at mga karamdaman, at mga bagay ng sanlibutan na inaatang sa amin paminsan-minsan, para kami'y masakdal; ganoon po ang bilin sa amin. Pagkatapos sinabi Niya, “Huwag kayong mangagtaka na dumarating ang mga pagsubok na ito.” Ang mga ito'y gumagawa lamang para sa ikabubuti namin at para masakdal kami, at para dalhin kami sa dako na 'yun. Sa malalawak na disyerto na ito ng karanasan, kung saan ang matutuwid na tao'y hinuhubog sa pagiging mga banal, kami—kami po'y nagpapasalamat sa Iyo para sa mga karanasan na ito, Panginoon. Hindi namin nanaisin, sa anumang paraan na gumawa ng anumang salungat sa kalooban Mo. Bagkus dalangin namin, Ama, na sa pamamagitan nito ay higit kaming mapalapit sa Iyo.

<sup>4</sup> At kapag ang mga pasanin ay napakabigat na't di na kami makapagpapatuloy pa, heto po na itinataas namin ang mga kamay namin at sumisigaw sa aming Ama. Tapos diringgin Mo po mula sa Langit, Panginoon.

Pagalingin Mo po kami, paigihin Mo kami, ukol sa Kaharian ng Diyos.

Pagpalain Mo po ang Iyong Salita sa umagang ito, Panginoon. Ang Iyong Salita ay ang Katotohanan.

<sup>5</sup> At kami po'y nagkakatipon dito ngayon sa simbahan. Nananalangin kami para kay Kapatid na Neville, at para kay Kapatid na Capps, at Kapatid na Collins, at sa lahat ng iba pang mga ministro, at sa—at sa mga katiwala, mga diyakono, at sa lahat ng mga karaniwang miyembro, at sa mga bagong-dalo sa mga pintuan namin. Nawa'y maging isang araw ito na sa haba man ng panahon ay maaalala pa rin namin, dahil sa Iyong Presensya.

<sup>6</sup> Narito po kami na may malaking pag-aasam sa umagang ito, Panginoon. Gayong daglian lang po ang abiso, na magkatipon-tipon kami. Dama namin na ito'y para sa isang layunin. Makamit po nawa ang Iyong layunin, Panginoon. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, habang isinusuko namin ang aming mga sarili. Amen.

<sup>7</sup> Lubhang kasiya-siya na maparito at makipagtipon sa simbahan ito na puno ng mga tao. Hindi ko inaasahan na halos may tao rito ngayong umaga, kasi kahit ako di ko halos inaasahan, mismo, na makakapunta ako rito.

<sup>8</sup> Kararating lang namin mula sa Philadelphia. At pagdating ko, iniisip ko na sa Arizona agad ang sunod kong punta, para sa gawain ng paglilibing para sa isang kaibigan ko, si Kapitan Jim Moseley, isang tunay na kalugud-lugod, na maka-Diyos na lalaking naakay ko kay Cristo kailan lang, ang tatlong magkakapatid na Moseley. At ang isa sa kanila'y bumagsak, habang sakay ng eroplano noong isang araw, at agad namatay. Sampung oras na siyang nasa apoy bago nila siya nakuha. Hayan po na si Lee ay dalawampu't walong taong gulang lang, ang asawa niya'y dalawampu't anim, at—at tatlong maliliit na anak ang naiwan niya; ang panganay, ay pitong taong gulang. Sobrang nakakalungkot. At sila... Noong makuha nila siya, kinailangan nila siyang ilibing kinabukasan. Kaya ako... hindi ako nakapunta. Haya't gumawa na lang ako ng liham, o nagpadala ng telegrama, kung anong mensahe ko, o kung ano sana ang sasabihin ko sa libing ni Kapatid na Moseley. May mga ganitong bagay talaga na di natin kayang maintindihan, pero sa kabila nun ay ibinubunsod pa rin Niya ang ang lahat ng mga bagay na gumawa sa ikabubuti.

<sup>9</sup> Narito tayo sa gawain sa Panginoon, ngayong umaga, na may kabatiran na—na—na sumasampalataya tayo sa Diyos, na naniniwala tayo na ibubunsod Niya ang lahat ng mga bagay na maging tama mismo. Kahit na ano pa ito, at kung paa-paano ang nangyayari, alam natin na ito mismo'y “gumagawa para sa ikabubuti.” Ganoon ang ipinangako Niya. Marapat lang na magkaganoon. Kung minsan di natin maintindihan, ano't nagiging sobrang kumplikado paminsan-minsan, pero sa kabila

nun ay alam natin na ito ang Katotohanan, dahil sinasabi ng Biblia na ito ang Katotohanan. At ang Biblia, sa atin, ay ang Diyos sa anyong letra.

<sup>10</sup> Ngayon, kailangan nating ilagak ang pananampalataya natin sa kung saang dako. At kung—kung ako o sinuman sa atin, sa buhay, ay palarin sa pagsisikap na magtagumpay sa buhay at maging, kadalasan, isang multimilyonaryo, pero para saa't anong gagawin natin dun? Sasapit at sasapit tayo sa dulo ng daan, at ano—ano ang magiging pakinabang nun sa atin? Kita n'yo? At ang salapi ay—ay maibibili n'yo, maipapalit n'yo sa kung anu-ano, pero hindi n'yo maipapalit sa Buhay. Ang Diyos lamang ang may Buhay.

<sup>11</sup> Kaya mapagtatanto natin—natin na nandito tayo sa isang negatibong anyo. At hangga't may negatibo, tiyak na may positibo. Hindi maaaring magkaroon ng negatibo nang walang positibo, kita n'yo, dahil ang positibo ang nagbubunsod nung negatibo. Katulad ng may negatibong litrato kayo ng isang bagay. Kailangan na may bagay sa kung saan, o bagay na tatamaan, tatama 'yung liwanag sa lente roon, o kung hindi'y walang—walang lalabas na negatibo. Kaya kapag nakikita natin na ang buhay natin dito'y nasa negatibo, at alam natin na tayo'y nasa larawan ng isang buhay sa kung saang dako, hayan nga na alam natin na may positibo sa kung saan na tinamaan nung liwanag, at pinapaaninag nun 'yun dito sa lupa. At tayo 'yung pagpapaaninag na 'yun. Ang tunay na bagay ay naroon sa kung saang dako. Kung hindi ganoon, ako na ang pinaka nalinlang na tao sa mundo; sinayang ko lang ang buhay ko. Pero alam ko, nang walang anino man ng pag-aalinlangan, na naroon ito. Kita n'yo? Kaya narito tayo. Kita n'yo?

<sup>12</sup> Kapag nakikita ko kayo na nanggagaling pa sa iba't ibang panig ng bansa, gayong maikling panahon lang ang abiso, at kung minsan wala pa nga't pumupunta pa rin dahil baka mayroon, hayan po na ang pakiramdam ko'y parang nanliliit talaga ako kapag nagpupunta ako sa pagtitipon gaya nito; na isipin na may mga kakilala ako rito na bumiyahe pa nang daan-daang milya, para lang makapunta rito para sa ilang minutong gawain, para lang makaupo rito.

<sup>13</sup> May babae na nagsabi, dumalo rito noong isang araw at ang sabi, "Ipakita n'yo sa akin kung saan nakapaglakad 'yung lalaki, at palakarin n'yo ako sa likuran niya, sa sahig," sabi, "gagaling ako." Ngayon, kapag ganoon ang tiwala ng mga tao sa iyo, at isa kang kinatawan ni Cristo, haya't anong dapat nating gawin? Dapat na maging lubos na maingat tayo, dahil hindi lang sarili mo ang sisirain mo sa mali, masisira mo rin ang iba na sumusunod sa iyo.

<sup>14</sup> Kaya, wala akong alam na denominasyon o anuman na puwedeng pagdalhan sa inyo. May isang bagay lang akong

pinaglalagakan ng pananampalataya. Kung naniniwala kayo sa akin, sundin n'yo po ang sinasabi ko sa inyo. Dahil, naniniwala ako sa Biblia, 'yun ang Salita ng Diyos. Ang iba pang mga bagay ay mabibigo. Akin lamang. . . Siya ang Buhay. Siya ang Salita.

<sup>15</sup> Ngayon, alam ko na kayo. . . Pagdating ko rito'y, napanatili ko muna kayo nang matagal. Nanalangin ako sa Diyos, noong makaramdam ako na parang gusto kong pumunta rito ngayong araw na ito. Napakarami kong inaasikaso na pakikipanayam at mga tawag, at iba pa. May ilan na tinugunan ko ngayong umaga kanina. At sabi ko, "Buveno, di na nakakagulat na hiniling sa akin ni Kapatid na Neville na mangusap ako." Biyernes po 'yun. At sabi ko, "Baka hilingin sa akin ni Kapatid na Neville na mangusap ako. At kapag hilingin sa akin, hayan na dalangin ko, sa Diyos. . ." Napakainit po, napakainit nitong nakaraan. At napakabuti ng Diyos na pinadalhan tayo ng ulan at pinahupa ang napakatinding init, at binigyan tayo ng isang magandang umaga ngayong umaga. Dinadalangin ko na ang kabutihan Niya'y bumuhos sa bawat isa sa inyong lahat, na lagi n'yong maaalala ang pagdalo rito ngayong umaga. Sumainyo nawa ang biyaya Niya't mga pagpapala!

<sup>16</sup> Kagabi po'y dinalaw ko ang isang kaibigan na may sakit, si Kapatid na Bill Dauch. Hindi ko siya nakikita rito ngayong umaga. Para pong, hindi ko siya nakikita. Oh, heto pala siya. Siya'y. . . Oo. At sa isip-isip ko, "Isang matandang lalaki na siyamnapu't isang taong gulang na, at patuloy pa ring bumibiyahe nang masigasig sa—sa buong bansa, binabagtas ang mga disyerto, at nagniniyebeng bundok at madudulas na kalsada. Hindi naman na niya kailangang gawin sana. Naging mabuti ang Diyos sa kanya; hindi na niya kailangang gawin sana. Maaari na lamang siyang maupo sa tahanan niya't magpapaypay siya sa mga kasambahay, kung gusto niya." Pero, may nangyari kay Bill Dauch, siya'y ipinanganak na muli. At noong maipanganak siyang muli, may pumasok sa puso niya, na ang tanging buhay niya'y ang makadalo sa mga gawain na gaya nito. At kaya naman kung ako'y magiging bibig ng Diyos, lilinlangin ko ba ang isang kaibigan? Mas gugustuhin ko pang mamatay. Kaya naman hayaan n'yo akong saysayin sa kanya nang eksakto kung ano ang Katotohanan mula sa Bibliang ito. Hayan nga, na ito ang Salita ng Diyos. Inuulit ko lang kung anong sinaysay Niya.

Ngayon nais kong bumasa ng kaunti mula sa Biblia.

<sup>17</sup> Bago tayo bumasa, nais kong—nais kong sabihin na sa palagay ko mamayang gabi ay gabi ng komunyong. At sa inyo po na mga tagarito. . . Hayan po, na ang iba marahil ay uuwi na sa mga tahanan nila, dahil kinakailangan nilang magtrabaho. Sa inyo po na mga tagarito sa atin, huwag n'yong kalimutan, magdadaos ang mga kapatiran ng komunyong mamayang gabi.

18 Ngayon, hinihintay ko lang 'yung huling tawag para sa Aprika. Ayaw nila, ayaw akong papasukin bilang misyunero. Kaya ang tanging paraan para makapasok ako, roon... Pupunta ako ng Kenya, Uganda, at—at Tanganyika. At ang tanging paraan para makapasok ako... Una, hindi ka papapasukin ng mga iglesya, dahil gusto nilang mangaral ako sa *ganitong* panig at sa *ganoong* panig, doon sa Aprika. Haya't hindi ako papasok nang ganoon. Hindi ako ipokrito para gawin 'yun. Kaya sasabihin ko na lang sa kanila, "Hindi, po, ang ipangangaral ko ay 'yung kung anong ilalagay ng Diyos sa puso ko, at 'yun lang." Kita n'yo? At sigurado ako na hindi 'yun 'yung pinagpipilitan nilang ipangaral ko raw. Tulad na lang nung, triune na pagbabautismo, at iba pa na gaya nun, at magiging pagtatalo lang kasi. Hindi.

19 Pero naimbitahan ako sa isang malaking kumbensyon, ni Kapatid na Boze. May paunti-unting linaw na siyang nakikita ukol sa pinaniniwalaan natin. At kaya naman 'yung hiniling kong permiso para makapasok ng bansa'y mistula bang magpupunta ako roon para mangaso. Na 'yung permiso ko para makapasok, ay mistula bang para sa pangangaso... Kung makakahanap ako ng tao na magsasabing isasama nila ako sa pangangaso, pagkatapos kapag nakapasok na ako ng bansa, 'yung doktor—'yung doktor na naroon sa embahada, haya't isa siyang malapit kong kaibigan, mula sa Chicago. At sa oras na makapasok ako, ipapaalam niya, "Buweno, narito si Kapatid na Branham sa dako rito. Magdaos tayo ng isang pagtitipon." Dahil, nandoon na ako, di na ako maaaring tanggihan ng embahada. Kung magagawa nilang... Hayan po na sinusubukan nilang asikasuhin na 'yun ngayon. Kaya nagtitiwala ako na ito... Kung kalooban ito ng Diyos, mangyayari ito sa ganoong paraan. Kita n'yo? Ito—ito'y ipinagkatiwala na sa Kanya. Kung hindi, haya't ipapaalam ko sa inyo. Hindi ako...

20 Kung kalooban ng Diyos, hayan po, nais kong mangusap tungkol sa Pitong Trumpeta. At 'yun po'y mga walong-araw na gawain, at hindi po rito sa tabernakulo natin 'yun idadaos, marahil. Susubukan nating makakuha ng isang awditoryum dito.

21 Ngayon di ko kailanman naisip, na 'yung bagong awditoryum pala na itinatayo rito, doon ko mismo nakita si Jesus sa kauna-unahang pagkakataon sa pangitain. Ngayon may nakatayo na, tinayuan na ng awditoryum ang mismong lugar. Nagpunta ako roon noong isang araw, para tingnan. Noong tumingin ako't nakita Siya na nakatanaw sa silangan, naaalala n'yo marahil noong marinig n'yo akong sabihin 'yun, noong naroon ako't nananalangin para sa tatay ko; isang—isang paslit pa lang ako, batang-bata pa lang na mangangaral. Doon ko Siya nakita. Humakbang, nakatingin ako sa Kanya; nakapaling ang Kanyang ulo mula sa akin. Naglakad-lakad ako,

napapalulon, sa sukal na 'yun ng mga tambo. At patuloy akong nakamasid, at di Siya bumabaling. Pagkatapos ay tinawag ko ang Pangalan Niya, "Jesus." At bumaling Siya, iniunat ang Kanyang mga bisig, at 'yun lang ang naaalala ko hanggang sa magbukang-liwayway. At pagkatapos bumalik ako sa parang, habang pabukang-liwayway na noon.

Kaya marahil ipahihintulot ng Panginoon na ipangaral ko ang Mga Trumpeta sa dakong 'yun. Saanman kung tutuusin, ay kalooban ng Diyos ang maganap.

<sup>22</sup> Buklatin n'yo ang mga Biblia n'yo ngayon, sa Isaias sa ikalimampu't-...ika-53 kabanata ng Isaias.

Ngayon, nagtitiwala tayo na pagpapalain ng Diyos ang mumunti nating mga pagsisikap na makapagsama-sama sa umagang ito. Kagagaling lang namin ng Philadelphia, kung saan naroon ako sa kumbensyon ng Full Gospel Business Men, at nakikinig sa iba't ibang mga patotoo nila't iba pa, roon.

<sup>23</sup> Pagkatapos ako, sa daan pauwi, ako . . . si Billy Paul at ako, at si Rebekah at ang munting batang babaing Collins, ang munting si Betty Collins. At mabilis makatulog si Billy, at lalo na si Becky, at kaya ako . . . Si Betty at ako na lang ang nag-usap. At nakaupo siya sa likod sa tabi ni Becky, sa upuan sa likod. At may nakita ako sa daan, na nangyari; at, noong makita ko 'yun, may bagay na biglang dumating sa akin. At si Betty, kung nandito siya, napansin niya na napahinto ako sa pagsasalita at nagsimula akong magsulat. Doon ko po nakuha ang tekstong ito para sa umagang ito.

<sup>24</sup> Ngayon tumayo na tayo. Tayo po'y . . . Ngayon tumatayo tayo bilang paggalang sa Salita ng Diyos, habang binabasa ko ang ika-53 kabanata ng Isaias.

*Sino ang naniwala sa aming balita? at kanino nahayag ang bisig ng PANGINOON?*

Pansinin n'yo, isa itong tanong, itong panimula.

*Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na gaya ng sariwang pananim, at gaya ng ugat sa . . . tuyong lupa: wala siyang anyo o kagandahan man; at pagka ating minamasdan siya, ay walang kagandahan na mananais tayo sa kaniya.*

*Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, . . . bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao; na siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya.*

*Tunay na kaniyang dinala ang ating karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan: gayon ma'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati.*

*Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan: ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.*

*Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan sa kaniya ng PANGINOON ang kasamaan nating lahat.*

*Siya'y napighati, at...siya'y dinalamhati, ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig: gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya...pipi, gayon ma'y hindi niya binuka ang kaniyang bibig.*

*Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya: at sino sa kanila ang gumunita tungkol sa kaniyang lahi? na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay: dahil sa mga pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya.*

*At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan; bagaman hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang karayaan sa kaniyang bibig.*

*Gayon ma'y kinalugdan ng PANGINOON na mabugbog siya; inilagay niya...siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan, makikita niya ang kaniyang lahi, at pahahabain niya ang kaniyang mga kaarawan, at ang pagkalugod ng PANGINOON ay lalago sa kaniyang kamay.*

*At siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa, at masisiyahan: sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay maraming matuwid na mga lingkod ang aariing ganap...marami; at dadalhin niya ang kanilang kasamaan.*

*Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila, at...hahatiin ang mga samsam na kasama ng malakas; sapagka't kaniyang idinulot ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan: at ibinilang na kasama ng mga mananalangsang; gayon ma'y dinala niya ang mga kasalanan ng marami, at namagitan sa mga mananalangsang.*

<sup>25</sup> Diyos Ama, ang Iyong Salita ay isang Ilawan, ang Liwanag na tumatanglaw sa landas ng bawat mananampalataya patungo sa Presensya ng Diyos, na dinadala kami Nito gaya ng isang ilawan sa kamay namin. Hindi Mo ipinagkaloob ang buong haba para isahan naming makita ang wakas mula sa pasimula, at, sa

kabila nun ay lumalakad ako na may pananampalataya. Pero katulad nga ng isang tao na binabagtas ang isang madilim na kagubatan sa gabi, at 'yun ang estado namin; 'yung liwanag na dala nung lalaki, ay sapat lamang para sa paisa-isang hakbang. Anupa't ang daan, bagaman paakyat, haya't lalakad mismo habang dala ang Liwanag. At nawa'y sumikat ang Liwanag ngayon sa Salita, para akayin kami sa isa pang hakbang papalapit sa Kaharian ng Diyos. Sapagkat hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

<sup>26</sup> Ang paksa na nais kong ipangusap sa kongregasyon ngayon ay: *Ang Obra Maestra*.

Marahil medyo kakaiba na humango ng—ng—ng pagbabasa ng Kasulatan gaya nito, tungkol sa—sa isa sa pinakabrutal at pinakabarbarong paglalarawan sa Biblia, tapos sinabi mismo ng Biblia, na, "Itong sakdal na Lingkod ay dinalamhati, at binugbog, at niluray," tapos kukuha tayo ng teksto mula roon, na pamamagatang, *Obra Maestra*. Sobrang kakaiba po. Pero ako'y...

<sup>27</sup> Binubulay ko sa isipan ko ngayong umaga, habang binabalik-tanaw natin, o binabalik-tanaw ko, ang ilang nakaraang mga taon. Naimbitahan ako noon sa Forest Lawn, sa—sa California, sa may Los Angeles. Ang pangunahing pakay ko ng pagpunta roon ay ang mabisita ang—ang libingan ni—ni Aimee Semple McPherson, ang nagtatag ng kilusang Foursquare. At nagpunta ako sa kanyang—kanyang libingan. At bagaman iba ako—iba ako ng kaisipan sa babaing ito, bilang isang ministro, pero, sa kabila nun, sa puso ko, ako'y hanga at nagbibigay-galang para—para sa bagay na ipinaglaban niya, sa—sa oras na 'yun, at 'yung pag-uusig at mga bagay-bagay na kinailangan niyang pagdaanan, at 'yung panahon na ginugol niya sa lupa. At para na rin sa kanyang—kanyang pinakamamahal na anak, na matalik kong kaibigan, na si Rolf McPherson.

<sup>28</sup> At isang grupo kami ng mga ministro, na pumunta roon. At sila... naubusan na kami ng oras para dumako sa—sa... doon sa—sa lugar kung saan nila isinasagawa ang kremasyon, at inilalagak ang—ang mga katawan sa isang—isang maliit na kahon sa gilid ng pader.

<sup>29</sup> At sa dakong 'yun may ilan silang katangi-tanging bagay, gaya nung Huling Hapunan. At nasisinagan 'yun ng mismong liwanag ng araw. At may parang bintana sila—sila roon na 'yun 'yung... Pagpasok ng mga tao, maliwanag; pagkatapos habang—habang nagkukuwento sila tungkol dun, dumidilim. At paglipas ng ilang saglit ay ganap na didilim, at pagkatapos lalabas na ang mga tao. At may iba't ibang panel na bumubuo dun sa Hapunan.

<sup>30</sup> At 'yung babae na nakakaalam nung tagong-lihim kung paano pandayin ang salaming 'yun para maging ganoon, haya't, para malikha ang mga larawang 'yun, haya't, pinagpapasapahan 'yun—'yun sa isang pamilya, nang maraming-maraming taon na. At 'yung sining ng paggawa nun ay ipinamamana sa mga anak, at 'yung kahuli-hulihan ay isang babae. At noong ginagawa raw nila 'yung larawan na 'yun. Haya't noong huhulmahin nila't idadarang sa apoy 'yung—'yung salamin, ilalagay sa hurno, haya't 'yung panel ni Judas Iscariote, ay nabasag. Kaya inulit nila, naku't nabasag na naman. At sabi nung babae, "Marahil ayaw ng Panginoon na itabi sa Kanya ang larawan ng kaaway Niya." At sabi, "Kung mabasag ulit, hindi na natin kukumpletuhin ang larawan." Pero hindi na nabasag sa pagkakataong 'yun. Pagkatapos, hayan mismo, na isa 'yung katangi-tanging bagay, at 'yung kuwento tungkol sa ganoong mga pangyayari.

<sup>31</sup> Pero, hayan po, na isa sa mga pangunahing bagay na nakapukaw ng interes ko sa Forest Lawn, ay 'yung kay Michelangelo, 'yung bantog na eskultura, na—na monumento ni Moises. Isang—isang kopya lang 'yung nandoon, siyempre. Hindi 'yung orihinal, pero isa—isa nga 'yung bantog na obra maestra. At habang nakatayo ako't nakatingin dun, gusto ko—gusto ko 'yung ganoon, na isang bagay na mistulang (kumakatawan) may kahulugan na ipinapahiwatig.

<sup>32</sup> Gusto ko ng sining, talaga. Naniniwala ako na ang Diyos ay nasa sining. Naniniwala ako na ang Diyos ay nasa musika. Naniniwala ako na ang Diyos ay nasa kalikasan. Ang Diyos ay nasa lahat ng dako. At anumang bagay na salungat sa orihinal ay isang pagbabaluktot. Ang Diyos ay nasa pagsasayaw; pero hindi ganyang uri ng pagsasayaw na ginagawa n'yo rito. Bagkus 'yung kapag ang mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos ay sumasa Espiritu ng Diyos, kita n'yo, 'yun ang pagsasayaw. Pero 'yung katulad nung kinailangan naming tiisin hanggang alas dos kaninang umaga, doon sa kalsada, haya't pagbaluktot 'yung ganoon.

<sup>33</sup> Pero, ito, at itong obra maestra na—na ginawa ni Michelangelo, may—may naging kapalit 'yun sa kanya noong gawin niya 'yun—'yun. Isa siyang bantog na tao, at kumain 'yun ng malaking bahagi ng buhay niya, dahil gumugol siya nang maraming, maraming taon sa paglililok. Kumuha siya ng malaking bato na—na marmol, at walang patid na nililok 'yun. At, kita n'yo, tanging 'yung tao, 'yung eskultor lang mismo, ang nakakaalam sa kanyang isipan kung ano ba ang sinisikap niyang gawin. Siya't, siya lang. Marahil lalapit ka't sasabihin sa kanya, "Para saan at inuukit mo 'yang bato?" Para sa tagalabas, na walang kaalam-alam tungkol sa kung anong nasa puso niya, haya't wala nga 'yung kabuluhan. Pero para dun sa tao, sa eskultor mismo, siya—siya'y may—may kaisipang-larawan sa

isip niya, kung ano ang sinisikap niyang gawin, at sinusubukan niyang kopyahin 'yung kung anong nasa isip niya sa anyo ng isang—ng isang monumento. Yun ang dahilan kung bakit inuukit nang inuukit niya 'yung mga bato.

<sup>34</sup> At ito, para magawa, kinakailangan mong magpasimula nang tama, sa simula pa lang, at kinakailangan mong sundin ang modelo. Kita n'yo? Hindi ka maaaring kumuha ng maliit na piraso, para dun magsisimula, “Gagawin natin ito nang *paganito*; naku't hindi pala, sa tingin ko...” Hindi, kinakailangan may eksaktong modelo siya. At sa isip niya naroon 'yung modelo niya. At hindi siya maaaring lumihis mula sa modelo na 'yun. Ngayon, para magawa 'yun, kinailangan niyang gumuhit sa isipan niya, dahil wala tayong tunay na mga litrato ni Moises, pero 'yung kailangan niya sa isip niya ay larawan sa isipan, ukol sa kung ano mismo si Moises.

<sup>35</sup> Ngayon, ang isang tunay na eskultor ay inspirado, gaya ng isang tunay na makata, o ng sinumang tunay na mang-aawit, musikero, o kung anuman siya. Lahat ng tunay ay kinakailangan na magmula sa inspirasyon. Marahil nagkaroon si Michelangelo ng inspirasyon kung ano talaga ang itsura ni Moises. At nabuo niya 'yun sa isip niya, kung ano marahil ang itsura ni Moises. Kaya nagsimula siya sa malaking tipak ng marmol, umukit-ukit ayon sa modelo, at unti-unting tumatabas, at tumatapyas, hanggang sa makalapit siya sa tunay na larawan ng kung ano marahil ang nasa isip niya.

<sup>36</sup> At pagkatapos kapag ganap na niyang makuha nang perpekto, na bawat kanto ay natapyas na, at napakinis na ang bawat bahagi, at ang mga mata'y tamang-tama na, bawat buhok, at balbas, na ang lahat ay kung papaano ba dapat, lumayo siya nang kaunti't pinagmasdan ito. Naiisip ko—ko ang—ang maraming, maraming taon ng pagpapagal, at kung papaanong napanatili niya 'yung parehong kaisipang-larawan na 'yun sa lahat ng nagdaang panahon, sa isip niya, tungkol sa kung anong gagawin niya. At isipin n'yo na lang, ang kaisipang-larawan na 'yun na nanatili sa isip niya sa loob ng napakaraming taon, para likhain ito nang eksaktong kamukha ng kung ano ito! Una siyang nagkaroon ng kaisipang-larawan, at hayon mismo na pinagpagalang niyang malikha ang kaisipang-larawan na 'yun, tumatabas at tumatapyas! At noong marating na niya 'yung punto kung saan naperpektong-perpekto na niya ito, hanggang sa talagang perpektong-perpekto na; tumayo siya't pinagmasdan 'yun noong matapos niya noong umagang 'yun, na hawak-hawak ang isang maso sa kamay.

At labis siyang nilukuban ng inspirasyon noong pagmasdan niya 'yun, dahil 'yung kaisipang-larawan na nasa isip niya'y nakatayo na mismo sa harap niya, sa realidad. Yun na 'yun ang nakita niya, at 'yung. . . 'yung nakikinita niya kung anong itsura ni Moises, hayon mismo't naanyuan sa harapan niya, 'yung kung

anong nasa puso niya sa lahat ng mga nagdaang taon. At grabeng pagpapagal, at mga oras ng pighati't matinding paghihirap, at mga kritiko, at lahat na ng iba pa, pero sa kabila nun ay nanatili siya sa kaisipang-larawan hanggang sa makumpleto 'yun.

<sup>37</sup> At pagkatapos noong makumpleto na 'yun, tumayo siyang hawak ang maso, o maso ng eskultor, sa kamay niya, at tiningnan niya 'yung monumento. At 'yung inspirasyon ng kaisipang-larawan na nakita niya, ukol sa kung papaano 'yun malilikha, haya't kinasihan siya nang labis na inspirasyon hanggang sa kanyang. . . Tumama ang inspirasyon sa kanya hanggang sa nawala siya sa sarili't hinampas 'yun sa may tuhod, at sinabi, "Magsalita ka!"

<sup>38</sup> Ngayon may lamat na 'yung bantog na imahe na 'yun, sa may tuhod, sa kanang tuhod. Sa itaas lang nung tuhod, mga anim na pulgada, may lamat (naipatong ko na ang kamay ko roon) haya't mga *ganoong* kalalim.

<sup>39</sup> Matapos niyang gugulin ang napakahabang panahon, na taon at mga taon ang binilang, para likhain 'yun; pagkatapos nga'y sa ilalim ng—ng impluwensya na nakita na niyang natupad na ang nakita niya noon sa puso niya't sa kaisipang-larawan niya, at sa paghahangad na makita, haya't nabuo na ito. At noong makumpleto na ito, labis siyang nilukuban ng inspirasyon hanggang sa inakala niya na makikipag-usap ang sarili niyang obra maestra sa kanya. At hinampas niya 'yun sa may binti, at sumigaw, "Magsalita ka!" At nagkaroon ng lamat dun. Nag-iwan 'yun ng lamat sa imahe.

<sup>40</sup> Para sa akin, 'yung lamat ang nagpaging obra maestra dito. Ngayon, marahil sa—sa kaisipan na maaaring iba ang pananaw, siyanga't iisipin n'yo na nasira kung tutuusin. Hindi, para sa akin, pinaging nun—nun kung ano ito. Ito—ito. . . Dahil pagkatapos ng napakaraming taon ng maingat na paglikha't mga pagpapagal, at inspirasyon, at kung ano pa, para magawa ito, napatunayang hindi nauwi sa walang kabuluhan ang pagpapagal niya. Perpektong-perpekto ito, at kaya siya napasigaw ng, "Magsalita ka!" Dahil, nakita niya sa harapan niya na kanyang (nagawa) naabot ang gusto niyang makamit, naisakatuparan ang kaisipang-larawan na nasa isip niya. At mangyari nga, na sa ilalim ng inspirasyon, siya'y nakagawa ng isang bagay na lampas sa kayang apuhapin ng isipan, lampas sa pangkaraniwan. Hinampas niya 'yun, at sumigaw, "Magsalita ka!" Kita n'yo, hindi niya sana ginawa 'yun kung nakapag-isip siya. Pero hindi siya nakapag-isip. Dala 'yun nung inspirasyon na 'yung nasa isip lang niya noon ay naroo't nakikita niya nang perpektong-perpekto sa harapan niya.

<sup>41</sup> Yung mga pagpapagal niya, at mga pagpupuyat, at mahahabang gabi, at nakabukod sa mundo nang maraming araw, at marahil tinapay lang ang kinakain. Tapos—tapos

pakikinisin 'yun, tapos babalikan, at, "Hindi, hindi ganito 'yung nasa isip ko. Ngayon kailangan hanggang *dito*," at kikiskisin 'yun. Pagkatapos noong makita niya ito, nang sadyang perpekto, haya't nakita niya sa realidad. Yung negatibo ng imahe na nasa isipan niya ay naging totoo, naging positibo, kaya naman bumantad ito sa kanya. At sobrang totoong-totoo na napasigaw siya, "Magsalita ka!"

<sup>42</sup> Para sa akin, isa 'yung pagpapaaninag. Isa 'yung—isa 'yung papuri sa kanyang gawa, na 'yung sarili niyang gawa'y nagbunsod sa kanya na lukuban ng inspirasyon, na siya'y nawala sa sarili para hampasin 'yun at sabihing, "Magsalita ka!"

<sup>43</sup> Tumayo ako roon at pinagmasdan ang monumento. Naisip ko 'yung mga oras na ginugol marahil nung lalaking 'yun, sa paglikha nun. Sinabi nila kung ilang taon. Pero 'yun—'yun nga'y pagpapaaninag sa kanya, dahil isa 'yung kontribusyon sa kanyang—sa kanyang dakilang sining, sa kanyang dakilang gawa na pinagpagalan niyang gawin. At nang sa wakas ay maisakatuparan na niya, anupa't napakadakila nun.

<sup>44</sup> Ngayon iwan na natin ang pahina, ni Michelangelo, at isara ang aklat.

At magbuklat tayo ng isa pang Aklat at basahin ang tungkol sa dakilang Eskultor, ang Makapangyarihan sa lahat. Na, bago pa man magkaroon ng sanlibutan, at bago pa mailatag ang mga patibayan, Kanyang naibunsod na sa Kanyang isipan ang nais Niya, at nais Niyang likhain ang tao ayon sa Kanyang Sariling larawan. Nais Niyang gumawa ng isang bagay sa—sa realidad ng kung anong nasa kaisipang-larawan Niya, kung anong nasa kaisipan Niya.

<sup>45</sup> Ngayon, kay Michelangelo, 'yun nga'y bunga ng kanyang kaisipan.

At nais ng Diyos na lumikha ng isang tao ayon sa Kanyang larawan, ang dakilang Eskultor, at sinimulan Niyang gawin ang tao. At mapapansin natin habang pinalilitaw Niya mula sa mga materyales. Ang una marahil ay mga isda, at pagkatapos ay mga ibon, at—at pagkatapos ay ang mga nilalang na gumagapang sa lupa, at—at marami pang mga bagay Siya na pinalitaw. Pero, sa huli, sa paglukob Niya, bilang isang Manlilikha, Kanyang. . . Hindi Siya katulad ng isang tao, mismo, na isang eskultor na kailangang kumuha ng isang bagay na nilikha na, para doon lilukin ang isang imahe. Siya ang Eskultor ng mga bagay na Walang Hanggan. Siya ang Eskultor na magagawang lumikha at magpalitaw ng kung anong nasa isipan Niya na gagawin. O, sa madaling salita, kaya Niyang palitawin kung ano ang asam ng mga katangian Niya.

<sup>46</sup> At sinimulan Niyang lumikha ng mga gumagapang na nilalang, gaya ng—ng—ng maliliit na mga hayop sa ibabaw ng lupa. At pagkatapos nun ay sinimulan Niyang dalhin 'yun mula

sa antas na 'yun patungo sa iba pang antas, na mas mataas. Pagkatapos sa dulo'y dinala Niya sa mas malalaking mga hayop, gaya ng leon, tigre, oso. Pagkatapos dinala Niya sa—sa—sa buhay marahil ng—ng mga unggoy at mga matsing, at iba pa. Ngayon, hindi po isang ebolusyon, gaya ng iniisip natin na nagmula ang isa sa e- . . . Ganap na kumpletong paglalang po; ang Diyos ay lumikha ayon sa isang modelo.

<sup>47</sup> Anupa't sa dulo ay lumitaw sa lupa, ang isang perpektong gawa, at 'yun ang tao. At pagkatapos nakita Niya sa tao na 'yun, na kamukha Niya ito. Kaya naman noong tumingin Siya sa kanya, ang tao'y pagpapaaninag ng kung ano ang Manlilikha niya. Nagawa ng Diyos na makamit 'yung bagay na nais Niya, isang tao ayon sa Kanyang Sariling larawan.

<sup>48</sup> At pagkatapos siguro'y idadagdag ko lang ito, na, noong likhain Niya 'yung tao, may kung anong bagay pa sa tao na parang di pa tama, dahil siya—siya'y mag-isa pa lang noon. At ganoon ang Diyos, mag-isa lang Siya; Siya ang Walang Hanggan. At ang tao ngayon, sa larawan ng Diyos, ay umiiral mismo sa lupa nang mag-isa. Kaya naman hinampas Niya marahil nang kaunti ang kaliwang tagiliran nito, at mula roon ay kinuha Niya ang pirasong natanggal mula roon at iginawa siya ng katuwang, isang asawang babae, pagkatapos hindi na siya nag-iisa. Siya ay—siya ay, may kasama na siya. At 'yun ang dakila Niyang gawa.

<sup>49</sup> At, Siya, gaya ng kahit sinong bantog na eskultor na kukunin ang kanyang—kanyang—kanyang obra maestra . . .

Ngayon, una, may obra maestra na Siya ng Kanyang Sarili. Pero hayan mismo na nakita Niya na malungkot ang obra maestra, katulad Niya, kaya hinati Niya ang obra maestra sa pamamagitan ng paghampas dito sa tagiliran at inilabas ang isang katuwang.

<sup>50</sup> At ngayon, para gawing isa ang dalawa, inilagay Niya sila, gaya ng sinumang bantog na eskultor, sa isang lugar na—na maganda.

Ang isang—isang eskultor ay di gagawa ng isang napakagandang obra maestra, at pagkatapos ay kukunin lang 'yun at ilalagay sa isang eskinita sa kung saan, o itatago ito sa likod ng mga gusali. Gaya ng sinabi sa atin ng ating Panginoon, “Walang nagsisindi ng isang ilawan at inilalagay 'yun sa ilalim ng isang takalan.” Noong tayo'y maging mga obra maestra ng Diyos, hindi tayo itinago sa isang eskinita sa kung saan. Kinakailangan nating—nating magbigay ng Liwanag.

<sup>51</sup> Haya't nakita natin na—na Siya, matapos Niyang gawin ang obra maestrang ito, inilagay Niya ito rito sa lupa, at inilagay 'yun sa pinakamagandang lugar na mayroon noon, sa halamanan ng Eden. Inilagay Niya ang Kanyang obra maestra, ang dalawa bilang isa, sa halamanan ng Eden. Ganoon na

lamang marahil ang pagkalugod Niya rito, na nakita Niyang ang obra maestrang ito'y mainam. Siya, pagkatapos nun, nalaman natin na nagpahinga Siya; Siya'y nalugod nang husto sa Kanyang gawa.

<sup>52</sup> Ngayon alalahanin n'yo, 'yung opinyon ko, na 'yung obra maestra ay 'yung hampas na nagpabangas sa obra maestrang Moises ni San Angelo sa monumento.

At 'yung hampas na lumagos sa tagiliran ng Kanyang obra maestra, ang nagpalabas sa nobya. At ngayon makikita natin sila bilang isang obra maestrang pamilya sa halamanan ng Eden. Napakaganda nun! At labis Siyang nalugod dito, na anupa't Siya'y—Siya'y nagpahinga pagkatapos. Sabi Niya, “Ako, Ako'y magpapahinga.”

<sup>53</sup> Pero habang Siya'y nagpapahinga't tiwala sa Kanyang obra maestra, dumating ang kaaway Niya't natagpuan ang dakilang obra maestra na ito. At ang kaaway, sa pamamagitan ng pandaraya, siya—siya'y gumapang sa ilalim ng—ng mga pader ng halamanan, at pagkatapos kanyang—kanyang binangasan ang magandang obra maestra na ito. Kanyang—kanyang binangasan ito, kaya ito'y—ito'y bumagsak.

<sup>54</sup> Ngayon binabantay-bantayan ko lang ang orasan. At sinabihan ko si Mike, na pamangkin ko, na patunugin 'yung kuliling kapag tatlumpung minuto na, pero sige't. . . Hindi pa niya pinapatunog, at naku't nakakatatlumpung minuto na ako. Pero, sige't, magpapatuloy lang tayo nang kaunti. Kita n'yo? Ngayon, ayaw ko sanang—sanang sirain ang mga patakaran. Ako—ako ang gumawa ng mga patakaran, kita n'yo, at ako—ako. . . naku't heto't sinisira ang sarili n'yong patakaran.

<sup>55</sup> Ngayon pansinin, pagkatapos, ang obra maestrang ito. Noong masakmal ito ni Satanas, na manlilinlang, nakapuslit sa ilalim ng mga pader, at—at binangasan niya ang obra maestrang ito. Dahil 'yung paraan kung papaano niya ginawa ito, ano. . . Paano niya ginawa? Idedetalye ko. Kung papaano niya ginawa, haya't. . . Ang obra maestrang ito'y napapalibutan ng pader ng Salita, Salita ng Diyos. At ang obra maestra, mismo, na pamilya, ay pinatibay ng Salitang ito. Pero 'yung bahaging may lamat, na nahiwalay mula sa orihinal, ay lumabas sa kabila nung pader, kaya nabigyan si Satanas ng pagkakataon para bangasan ito. At ngayon dahil alam n'yo naman na kung ano ang paniniwala ko ukol sa mga bagay na 'yun, heto't di ko na kailangang sabihin uli. Pero nasira 'yung obra maestra.

<sup>56</sup> Pero, ang dakilang Eskultor, noong makita Niya ang pagbagsak ng Kanyang pamilya, ang obra maestra, hindi Siya pumayag na basta na lamang 'yun mapabayaan na nakatiwangwang doon, na subsob ang mukha't, wasak. Agad Siyang kumilos, para ibangon itong muli. Hindi Siya pumayag na mapuksa ito, na maiwang nakatiwangwang dun nang ganoon

na lang sa lahat ng panahon. Dahil, Siya ay Diyos, at hindi Siya magagapi. Kaya naman, agad Siyang kumilos at nagsimulang bumuo, muli, ayon sa Kanyang Sariling larawan, ng isang tao.

<sup>57</sup> Ngayon, alam natin na noong dumating 'yung daigdig bago ang malawakang pagkawasak sa baha na 'yun ang nagwasak ng buong bagay, dahil 'yung mga tipan na ginawa, ay ginawa nang may kondisyon, "Kung di n'yo gagawin *ito*, o kung gagawin n'yo *'yun*." Nakita ng Diyos, na dakilang Eskultor, na ang tao'y di—di kayang tumupad sa tipan. Hindi kaya ng tao. Wala talagang paraan.

Doon sa panayam kanina ay nakausap ko ang isang ginang sa silid, na nandito ngayon. Sabi, "Naku, Kapatid na Branham, napakarami kong mga bagay na alam kong—alam kong mali," at isa—isa siyang maka-Diyos na munting babae.

<sup>58</sup> Sabi ko, "Pero—pero, kita mo, kapatid na babae, huwag mong tingnan ang sarili mo. Ang mahalaga ay kung ano ang mithi mo't kung ano ang sinisikap mong gawin. At kung tunay mong iniibig ang Panginoon, pagsusumikapan mong paglingkuran Siya nang buong puso mo, at pagkatapos ang lahat ng mga pagkakamali mo'y nakatago na sa Dugo ng Panginoong Jesus." Kita n'yo? Kita n'yo, gumawa Siya ng daan.

<sup>59</sup> Kaya sinimulan Niya ngayon, na alisin ang tao mula sa Kanyang mga tipan, ng—ng pagsasabi ng, "Kung gagawin n'yo, ganito ang gagawin Ko." At sinimulan Niya sa isang lalaki na tinatawag na Abraham, at binigyan si Abraham ng isang tipan, nang walang kondi-kondisyon. Sa tuwing magpapasimula Siya ng isang obra maestra, sinasalakay agad ni Satanas, dahil ang Salita . . . Pero 'yung pagsisimula Niya kay Abraham, ang sabi Niya, "Nagawa Ko na." Ngayon walang kondi-kondisyon 'yun, hindi kung ano . . . na—na, "Kung gagawin n'yo, ganito ang gagawin Ko," kundi, "Nagawa Ko na." Ngayon Siya, ang—ang Eskultor, ay determinadong magawa ang obra maestrang ito.

<sup>60</sup> Pagkatapos, mula kay Abraham, dumating ang mga patriyarka. At ang mga patriyarka ay tunay na . . . Ngayon ano 'yung ginagawang 'yun ng Diyos? Muli Niyang binubuo ang obra maestrang ito na bumagsak noon. Kaya, sa mga patriyarka, ang una nating nasumpungan ay si Abraham.

<sup>61</sup> Ngayon masdan, bawat obra maestra'y inilalagay sa isang pundasyon, 'yung eskultura. Yung monumento ni Moises na gawa ni Angelo ay nasa ibabaw ng tatlo- o apat-na-talampakang piraso ng marmol. May pundasyon mismo. Kaya, ang Diyos, sa paghahanda sa obra maestrang ito, inilagay Niya ito sa pundasyon ng mga patriyarka. At sa pundasyon ng patriyarka, ang una, ay si Abraham, pagkatapos si Isaac, pagkatapos si Jacob, pagkatapos si Joseph, ang apat na sulok.

<sup>62</sup> At, ngayon, si Abraham ang pundasyon ng pananampalataya. Sabihin natin na may apat na pundasyon

ito. Ang pundasyon ng pananampalataya ay si Abraham. Ang pundasyon ng pag-ibig ay si Isaac. Ang pundasyon ng biyaya ay si Jacob, ang biyaya ng Diyos kay Jacob; alam 'yan ng sinuman. Pero kay Joseph ay kasakdalan, doon na Niya maaaring ilagay ang monumento; hindi sa ibabaw ng unang pundasyon, sa ikalawang pundasyon, sa ikatlong pundasyon, kundi sa ikaapat na pundasyon.

<sup>63</sup> Inilarawan ni Abraham si Cristo, tunay nga; ganoon din si Isaac, sa pag-ibig. Inilarawan ni Abraham, sa pananampalataya; si Isaac, sa pag-ibig; si Jacob, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Dahil, ang ibig sabihin ng *Jacob* ay “manlilinlang,” at ganoon nga siya, pero nasa kanya ang biyaya ng Diyos. Pero pagdating kay Joseph, walang anumang makikita na maipupula laban sa kanya, isang maliit na gasgas lang, dahil ang pundasyon ay kinakailangan ding maging isang obra maestra. Noong sabihin niya sa tatay niya, na propeta, “Sabihin mo sa Faraon na ang bayan mo ay—ay mga tagapag-alaga ng baka at hindi mga pastol, dahil kasuklam-suklam sa mga taga-Egipto ang pagiging pastol.”

<sup>64</sup> Pero noong humarap ang matandang propeta sa Faraon, ang sabi niya, “Ang mga lingkod mo’y mga pastol.” Kaya gasgas ‘yun, kita n’yo, kaya pinagiging obra maestra pa rin nun ito.

<sup>65</sup> Ngayon ang mga pundasyon ay nailatag na, sa pamamagitan ng pananampalataya, pag-ibig, biyaya, at hanggang kasakdalan, sa pamamagitan ng mga patriyarka.

<sup>66</sup> Ngayon ang ginawang katawan na inilagay sa dakilang obra maestra na ito ay ang mga propeta, ‘yung Salita. Umaasa ako na nababasa n’yo. Kita n’yo? Mga propeta; hindi mga batas! Ang mga propeta, dahil ang mga propeta ang pinagtibay na Salita na bumubuo sa katawan; hindi ang mga patriyarka. Ang mga propeta, sila ang Salita.

<sup>67</sup> Heto mismo, na nagpasimula Siya noon-noong panahon pa ni Moises at tumugaygay sa mga propeta, sa bawat isa. At, ang dulo, sa pagbuo nung katawan, palapit nang palapit sa tuwina. At ang pinakadakila sa kanilang lahat ay si Juan. Ganoon mismo ang sinabi ng Biblia. Si Jesus ang nagsabi. “Walang tao, na ipinanganak ng babae, na kasing dakila ni Juan Bautista,” dahil siya ang makapagpapakilala sa Salita.

<sup>68</sup> At pagkatapos dumating, sa dulo, ang dakilang Ulo, ang Ulo ng lahat ng ito. Ang iba pang bahagi ng katawan ay nagsasaysay lamang patungkol Dito. Ang pundasyon ay inilatag ng patriyarka; pero ang katawan ay binuo ng Salita, ‘yung mga propeta; at heto na ang Ulo ng lahat ng ito, dumating sa eksena si Jesus. Hayan mismo, na noong maipatong ang bahaging Ulo sa ibabaw nito, nasumpungan natin sa Kanya ang buong gawang-kamay ng Diyos. Nasumpungan natin sa Kanya ang sakdal na pagpapaaninag ng Salita, dahil Siya ang Salita, ang kapuspusan

ng Salita. Ngayon, muli, ang Diyos ay may perpektong Obra Maestra muli.

Gaya ng sinabi ni Isaias, “Narito ang Aking Lingkod, ang Aking Obra Maestra, na Aking inilarawan sa lahat ng mga kapanahunan ang tungkol sa sakdal na Isang ito na darating. At heto Siya na nakatayo sa harapan Ko mismo, isang sakdal!” Naroon mismo, sa Kanyang Sariling larawan, pinapaaninag ang Diyos! Dahil sinabi Niya, sa San Juan 14, “Kapag nakita n’yo Ako, nakita n’yo na ang Ama.”

<sup>69</sup> At, hayan mismo na, “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos,” at ang Salita ay inukit at pinapaaninag kung ano ang Salita sa pasimula. Siya, ang Salita, ay napapaaninag sa Obra Maestra sa Kanyang Sariling wangis, Ang Diyos muli sa Kanyang Sariling wangis, ang anyo ng Salita na napapaaninag sa larawan ng isang tao, ang Obra Maestra.

<sup>70</sup> Lahat ng mga propeta’y may kapintasan; lahat sila’y bahagi lang. Pero dito, sa huli, sumapit doon, sa dulo’y dumating ang Obra Maestra, ang Isang sakdal, na walang anumang kapintasan sa Kanya, sakdal na sakdal na pinapaaninag ang Mismong Gumawa, ang Kanyang Sariling larawan ay nasalamain sa Kanyang gawa. “Ang Diyos at si Cristo ay Iisa,” na anupa’t inilagay Niya ang Kanyang Sariling Espiritu sa Kanya, at pagkatapos maging ang larawan at ang Gumawa’y naging Isa. Ang Diyos at ang Kanyang obrang eskultura, ang Kanyang Obra Maestra! Si Moises nga, sa gawa ni San Angelo, ay ’yung, o ni Michelangelo, pala, ay ’yung—’yung patay na eskultura, dahil ito’y yari sa bato. Pero dito, ang Dalubhasang Tagapagtayo, noong maperpekto Niya ang gawa ng Kanyang kamay, pumasok Siya Rito.

<sup>71</sup> Ganoon na lamang kasakdal na isang Manunubos ng tao, ganoon na lamang kasakdal, kabanal; pero sa kabila nun, walang kagandahan na mananais natin sa Kanya. Hayan mismo ang Anak ng buhay na Diyos na ipinanganak ng birhen na sakdal na sakdal, at mapagpakumbaba, at kawangis ng Diyos, hanggang sa ang dakilang Maestro na Siyang nagdala ng Kanyang Buhay sa pamamagitan ng mga propeta. . . At Siya ang katuparan ng lahat ng mga propeta. Napakasakdal Niya, hanggang sa, pagkakita rito ng Diyos, hinampas Niya Siya at sumigaw, “Magsalita Ka!” gaya ng ginawa ni Michelangelo. “Magsalita Ka!”

Sasabihin n’yo, “Ganoon ba?”

<sup>72</sup> San Marcos 9:7, masusumpungan natin, sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo, noong nakatayo roon si Moises, kumakatawan sa kautusan, nakatayo roon si Elias, kumakatawan sa mga propeta. Mula-mula pa sa mga patriyarka, ang mga magulang, ang kautusan, ang mga propeta, at lahat sila’y nakatayo roon. Narinig natin ang isang Tinig na nagmula sa ulap, at ang sabi, “Ito ang sinisinta Kong Anak; pakinggan

ninyo Siya!” At kung sila’y makikinig, Siya nga’y may sasalitain. Ilang araw na lang noon bago Siya hagupitin. “Ito ang Aking Anak, Na Aking kinalulugdang panahanan. Inanyuan Ko Siya. Apat na libong taon ko Siyang tinutugaygay hanggang sa puntong ito. At ngayon, napakasakdal Niya, kinakailangan Kong hampasin Siya para Siya’y magsalita. Pakinggan n’yo Siya! Siya Yaong sinakdal. Siya, Siya ang Obra Maestra.”

<sup>73</sup> Alalahanin n’yo, Siya’y inilarawan sa lahat ng mga kapanahunan, noon pa man sa Lumang Tipan.

Nasumpungan natin na Siya’yung Bato sa ilang, na hinampas, ’yung Bato sa ilang. “Ako ang Bato na ’yun na nasa ilang.” Pero isa pa lang noong bato na di pa nakakaabot sa kasakdalan nito. Pero sa anyong tipo ay nakasunod Ito sa iglesya, para Dito kumuha ng tubig na Kanyang maibibigay, magbigay-Buhay sa kanila na mga maaaring bigyan Niya ng Buhay. Anupa’t Siya nga yaong Bato na ’yun sa ilang. Hindi pa Siya pinapaging tao noon. Siya’y nasa tipo pa lamang.

<sup>74</sup> Nakita Siya ni Moises na nakatayo sa ibabaw ng Batong ’yun. Nakita niya Siya na dumaan, at ang sabi niya, “Ito’y likurang bahagi ng isang tao.” Kita n’yo, ipinakita ng Eskultor kay Moises, kung ano ang potensyal na larawan ni Cristo, kung anong magiging itsura ng dakilang Obra Maestra kapag Ito’y nasakdal na. Tinugaygay Niya ang Kanyang. . . Ipinasok Niya, o—o ipinakita kay Moises ang pangitain kung anong magiging itsura ng Obra Maestra. Likurang bahagi ’yun ng isang tao, noong dumaan Ito sa ilang.

<sup>75</sup> Alalahanin n’yo, ang magagawa lang ni Angelo ay sumigaw at hampasin ang imahe, at sabihin, “Magsalita ka!”

Pero ibang-iba sa Diyos, na dakilang Eskultor. Noong gumawa Siya ng isang tao sa Kanyang Sariling larawan, haya’t napakasakdal na pinapaaninag Siya Nito, nagsalita ang Diyos sa pamamagitan ng larawang ito ng tao, na ipinapakita kung ano ang gagawin Niya. Nagsalita Siya sa pamamagitan ng mga propeta habang nasa kanilang potensyal na larawan sila, habang dinadala Niya ito paakyat sa Ulo. Pero noong dumating na Siya sa Ulo, Siya ang buong larawan ng Diyos; inilalarawan Niya ang Kanyang Sarili. Pagkatapos, hinampas para sa atin, ngayon Siya ang Obra Maestra para sa atin, ang Kaloob ng Diyos, si Jesus Cristo, Buhay na Walang Hanggan. Umaasa ako na di ’yan mawawaglit sa isipan natin kahit kailan.

<sup>76</sup> Habang nakikita nating dumidilim na ang mga araw, habang nakikita nating lumulukob ang mga anino! Noong, ihula ko na, “Ilang ikot na lang ng araw. Katapusan na ng bansang ito.” Alam n’yo ba. . .

Kahapon, ay ikaapat ng Hulyo. Nilagdaan ni Thomas Jefferson ang deklarasyon ng kasarinlan, siya at ng iba pang lupon na kasama niya, at pinatunog ang Liberty Bell, at

idineklara ang kasarinlan natin, bilang isang bansa. Ayon sa kasaysayan, hindi pa nagkaroon kailanman ng demokrasya sa anumang panahon na tumagal nang dalawang-daang taon. At 1776 'yun, ikaapat ng Hulyo. At may labing-isang taon na lamang tayo na natitira. Aabot pa kaya? Hindi, hindi maaari, kita n'yo. Labing-isang taon. At, kung umabot man, gagawa 'yun ng kasaysayan.

<sup>77</sup> At nakikita na natin ang kalagayan ng panahon. Nakikita na natin ang kalagayan ng mga tao. Nakikita natin ang kalagayan ng pulitika. Nakikita natin ang kalagayan ng sanlibutan. Hindi na ito magtatagal pa. Tiyak na lulubog ito, gaya ng Titanic. Babagsak at babagsak ito, para magbigay-daan sa iba. Ang isang bansa'y nagbibigay-daan sa iba, kapag ito'y bumabagsak. At kailangang bumagsak ng kahariang ito, at ng bawat iba pang kaharian, para magbigay-daan sa Kahariang 'yun na parating, na hindi maaaring bumagsak. "Sapagkat tatanggap tayo ng isang Kaharian na hindi matitinag," sa pamamagitan ng sakdal na larawang ito ng Diyos, ang Obra Maestra.

<sup>78</sup> Ang Diyos, noong tumingin Siya sa Kanya, Siya nga'y lubhang naantig! Lubos Siyang...noong makita Siya sa Kanyang itsura, at noong makita ang—ang anyo Niya, ganoon na lamang Siyang naantig na 'yun na mismo ang sakdal na Obra Maestra ng isang Manunubos, si Jesus na Manunubos. Kaya naman, ang Diyos, para Siya'y mahampas, Mismo; ang dahilan ay, para bayaran ang Kanyang Sariling kaparusahan, ang Diyos at si Cristo'y naging Isa, para ang Diyos ay mahampas sa Larawan, nang sa gayon Siya'y masugatan. At kaya naman sinabi ni Isaias, "Ating pinalagay Siya na hinampas at sinaktan ng Diyos. Anupa't Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, Siya'y nabugbog dahil sa ating kasamaan; ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya, at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo."

<sup>79</sup> Ang sakdal na Larawan, ang Diyos-na-Tao! Ang Diyos, sa *en morphe*, ay nagbago mula sa Sobrenatural patungo sa kaisipang-larawan, at ang kaisipang-larawan ay naipakita sa Larawan. At ang Larawan ay hinampas nang sa gayon malasap ng Sobrenatural ang pakiramdam ng kamatayan, ang sakdal na Obra Maestra ng Diyos.

Hindi niya 'yun magawa kay Moises. Hindi niya 'yun magawa sa mga propeta; si Isaias, na nilagari ng mga lagari hanggang sa malagari siya nang pira-piraso. Hindi Niya 'yun magawa sa mga propeta na pinagbabato. Hindi Niya 'yun magawa, dahil hindi Niya 'yun malasap; bahagi lamang Niya ang naroon.

Pero sa sakdal na Obra Maestra na ito, Siya ang kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman. Hindi lamang si Moises ang maipapakita Niya; maipapakita Niya ang Kanyang

buong Katauhan sa Tao na ito, at malalasap ang kamatayan para sa buong sangkatauhan. Ang sakdal na Obra Maestra ng Diyos! Ang Diyos, ay lubos na naantig sa pagkakita Rito, Siya'y naging Manunubos ng lahat ng mga kapanahunan; para mangusap para sa mga nasa nakaraan, na nauna na, at ngayon.

<sup>80</sup> Ang lahat ng mga pangako'y natupad sa Kanya. Siya ang Kasakdalan ng kasakdalan. Lahat ng mga tipo ay natupad sa Kanya; ang Malapit nating Kamag-anak na Manunubos, kina Ruth at Boaz; ang nagbigay-ng-Kautusan sa atin, mula sa Bundok ng Sinai; ang Propeta natin, mula sa ilang, yamang bumaba Siya mula sa bundok, yamang lumabas siya mula sa ilang; yamang Siya'y dumating mula sa Walang Hanggan at naging tao, ang sakdal na Larawan!

<sup>81</sup> Ang Diyos, sa pagtugaygay sa kapanahunan, ay patuloy na umukit, sa pamamagitan ng mga patriyarka, at gumawa ng Kanyang patungan, at kinuha sila mula sa iba't ibang bagay na paglalatagan Niya ng pundasyong ito. Sa ibabaw nito ay sinimulan Niyang itayo ang Kanyang Salita, ang mga propeta. At pagkatapos, sa dulo, nakarating sa sakdal na Propeta, sa sakdal na Pundasyon, sa sakdal na kaisipang-larawan na inisip ng Diyos.

<sup>82</sup> At ngayon, para makapagsalita, Siya ang Salita. At para makapagsalita ang Salita, kinakailangan Niyang pumasok sa Larawan. At pagkatapos para makapagsalita ang Larawan, kinailangan nitong mahampas. Pumasok Siya sa Larawan, at pagkatapos para makapagsalita, tumugaygay sa sakdal na Manunubos.

<sup>83</sup> Lahat ng tipo sa Lumang Tipan ay natupad sa Kanya. Gaya ng naipangusap ko noong isang araw, ang Jehovah ng Lumang Tipan ay si Jesus ng Bago. Oo.

<sup>84</sup> Gaya ng alam ng marami sa inyo, na mga kalalakihan, kababaihan, na kaedad ko; noong araw, sa buong bansa, marami tayo noong palabahan ng mga Intsik. Noong unang dumating ang mga Intsik nagpasimula sila, galing sa West Coast, nagpasilangan sila, galing sila sa Silanganing bansa, lumipat sila rito. At noong unang dating nila, hindi sila pamilyar sa lingguwahe natin at sa mga kaugalian natin, pero sila'y mahuhusay na tagalaba. At hindi nila alam sumulat ng tiket para mabalikan n'yo 'yung tamang labahin n'yo.

Pero, 'yung Tsino, may bungkos siya ng maliliit na tarheta na walang nakasulat na anuman dun. Kaya kapag magpupunta kayo para magpalaba, kukuha siya ng tarheta at pupunitin 'yun sa isang paraan; at iaabot sa inyo 'yung isang piraso, at itatago niya 'yung isang piraso. At, ngayon, kung tutuusin mas mainam 'yun kaysa sa mayroon tayo ngayon, dahil pagbalik mo para kunin ang pinalaba n'yo, kailangang magtugma 'yung dalawang pirasong 'yun. Hindi n'yo makokopya 'yun kahit

kopyahin n'yo pa. Walang paraan para makagawa ng kapareho. Yung mga letra-letra maaari n'yong doktorin, pero hindi n'yo magagaya 'yung punit na 'yun. Kinakailangan na tumugma 'yun nang eksakto sa kabilang piraso. Kaya, 'yung marurumi n'yong damit na dinala n'yo roon, matutubos n'yo lang ang mga ito sa pamamagitan nung isang tiket na 'yun, dahil tumugma 'yun sa tiket na naiwan doon.

<sup>85</sup> At noong ang Diyos, sa pamamagitan ng mga propeta, at sa ilalim ng kautusan, ay hinatulan tayo sa kasalanan; at ang kautusan ay walang biyaya, sinasabi lamang nito sa inyo na kayo'y makasalanan. Pero noong dumating si Jesus sa eksena, Siya ang katuparan, Siya ang—ang katuparan ng lahat ng ipinangako ng Diyos. Siya ang ganap, na eksaktong larawan ng pangako. Kaya naman, lahat ng mga pangako sa Lumang Tipan ay natupad kay Jesus Cristo. Hindi ito maaaring matupad kay Moises, hindi ito maaaring matupad sa alinman sa mga propeta, anupa't ito'y natupad sa Obra Maestra. Tumugma Ito sa lahat ng sinaysay Nito kung magiging ano Siya.

Ganoon din na kinakailangang tumugma ang Iglesya sa lahat ng ipinangako ng Diyos. Kinakailangan na ito yaong bahaging natapyas mula sa Kanya. Kaya kung ang orihinal ay ang Salita, ganoon din dapat ang mga nasasakupan na kinuha mula Rito na dapat Salita rin, para tumugma sa tagiliran Nito.

<sup>86</sup> Kaya naman, 'yung Tsino, makukuha n'yo lang. . . Mangyari nga, na pagkokondena ang hatid sa inyo ng kautusan at sinasabi na marumi kayo, at kayo'y may sala, at maaari kayong ipiit sa bilanguan. Pero noong dumating Siya, Siya ang Katugmang-pirasong para rito, na makatutubos sa inyo; at makapagdadala sa inyo pabalik, para—para maging buong tiket, ang katubusang ipinangako ng Diyos doon sa halamanan ng Eden. “Ang Iyong Binhi ang dudurog sa ulo ng serpiyente. Ngunit, ang Kanyang sakong ang dudurog—dudurog sa kanyang ulo.”

<sup>87</sup> Ngayon nasumpungan natin itong sakdal na Obra Maestra na kinumpleto na ng Diyos. Ngayon, mapapansin natin na Siya ang lahat ng ipinangako na magiging Siya. Siya ang lahat ng mga pangako, lahat ng mga propesiya, lahat ng ipinangako ng Diyos. “Ang Iyong Binhi ang dudurog sa ulo ng serpiyente.” Ngayon, hindi Niya madudurog 'yun sa pamamagitan ng kautusan, hindi Niya madudurog 'yun sa pamamagitan ng mga propeta, pero nagawa Niya ito noong ang Binhi ng babae ay maging ang Obra Maestra, si Cristo. Siya yaong Bato na nakita ni Daniel na natapyas mula sa bundok. Siya Yaong makahahampas. Siya Yaong makadudurog, dudurog sa ulo ng serpiyente.

<sup>88</sup> Tumugma ang buhay Niya, nang eksakto, sa buhay ni Moises. Tumugma ang buhay Niya kay David. Sige't tingnan natin kung ganoon nga, kung Siya ang Katugmang-pirasong.

<sup>89</sup> Pansinin n'yo si David, na isang haring tinanggihan, ng sarili niyang bayan. Siya'y . . . Isang araw habang siya'y . . . Nag-alsa ang sarili niyang anak laban sa kanya, at pinagbahagi niya't hinati ang mga hukbo ng Israel. At siya, si David, ay pinalayas, o itinaboy ng sarili niyang bayan, mula sa luklukan niya.

At sa daan niya palabas, may isang lalaki na grabe ang muhi sa kanya, at habang naglalakad ang lalaki roon, dinuraan niya si David. Binunot nung bantay ang tabak niya, ang sabi, "Hahayaan ko ba ang ulo ng asong 'yan na manatili sa balikat niya, ano't dinuraan niya ang aking hari?"

Sabi ni David, "Pabayaang mo siya. Sinabi ng Diyos sa kanya na gawin 'yun."

<sup>90</sup> Hindi n'yo ba nakikita? "Isang Tao ng kapanglawan, bihasa sa pagdurusa. Siya'y nakatayo na gaya ng isang Tupa, sa harap ng manggugupit ng balahibo, walang imik." Sila . . . Sinabi niya 'yun. Marahil walang kamalay-malay si David sa sinasabi niya.

Pero mga lima, animnaraang taon pagkatapos, o higit pa, naglalakad ang Anak ni David sa parehong mga lansangan, at dinuraan Siya. Pero pansinin n'yo ang nangyari noong, si David, mula sa kanyang—mula sa kanyang . . . noong maging pugante siya; at noong pagkagaling niya sa pagpapatapon sa kanya, noong siya'y—noong siya'y bumalik, ang lalaking 'yun ay humingi ng pakikipagkasundo at awa. Maging 'yung mga humampas sa Kanya ay makikita Siya balang araw sa Kanyang pagbabalik.

<sup>91</sup> At nalaman natin pagkatapos, sa kuwento ni Joseph, na si Joseph ay isang batang kakaiba ang pagkasilang, siya 'yung huli, pinakaibabaw na bahagi nung pundasyon, kung saan itatayo ang obra maestra. Nagsimula sa pananampalataya, at nagtungo sa pag-ibig, at nagtungo sa biyaya, tapos dumating sa kasakdalan. At ganoon ang nangyari, mula sa mga paa sa pasimula, nakarating hanggang sa kasakdalan kay Cristo. Pansinin n'yo kung paano Siya naisalarawan kay Joseph, sa ibabaw nung pundasyon, ang pinakasakdal sa kanilang lahat.

<sup>92</sup> Nakita natin na ipinanganak si Joseph sa pamilya niya. At siya'y anak ng legal na babae, kung tutuusin, sa asawa ni Jacob. At pansinin n'yo, rin, na noong ipanganak siya, kinagiliwan siyang mainam ng tatay niya; at kinamuhian siya ng mga kapatid niya, kahit walang dahilan. Bakit nila siya kinamuhian? Dahil siya ang Salita.

Nakikita n'yo ba 'yung pinaka pundasyon? Nakikita n'yo ba kung paano dumating 'yung ulo ng pundasyon? Ngayon, tingnan n'yo ang Ulo ng katawan, na dumarating. Ngayon masdan n'yo 'yung pagdating ng Ulo ng Nobya. Siya ang Salita.

At kinamumuhian nila siya dahil isa siyang tagakita. Nakikita niya ang mga bagay bago pa man mangyari, at sinasaysay sa kanila. Tapos nangyayari ang mga 'yun. Gaano

man katagal ang lumipas, naganap at nagaganap mismo. At sa pagiging espirituwal, itinakwil siya ng mga kapatid niya. Dapat sana'y inibig nila siya. Pero kinamuhian nila siya, dahil isa siyang propeta at siya'y espirituwal. At kinamumuhian nila siya.

<sup>93</sup> Pansinin, ipinagbili siya sa halagang halos tatlumpung pirasong pilak; itinaapon sa hukay, at ipinagpalagay na patay na, pero hinango mula sa hukay. At sa panahon ng panunukso sa kanya, sa bilangguan; 'yung katiwala ng saro at 'yung—'yung magtitinapay, alam natin na naligtas 'yung katiwala ng saro at 'yung magtitinapay ay napahamak. At sa bilangguan ni Cristo, sa krus, ang isa'y naligtas at ang isa'y napahamak; dalawang magnanakaw, dalawang makasalanang.

<sup>94</sup> At napansin natin na dinala siya mula sa bilangguan niya, patungo sa kanan ng Faraon; na walang taong maaaring kumausap sa Faraon, kundi sa pamamagitan lamang ni Joseph. At sa tuwing umaalis si Joseph sa luklukan na 'yun ng Faraon, haya't nagpapatunog ng trumpeta sa buong Egipto, dumadagundong ang malakas na tunog at ang sabi, "Lumuhod kayong, lahat, parating na si Joseph!"

<sup>95</sup> Ganoon din ang mangyayari kay Jesus. Ganoon na lamang ang pagsinta sa Kanya ng Ama, at kinamumuhian nila na mga maka-denominasyong kapatid, kahit walang dahilan. Ipinagbili Siya sa halagang tatlumpung pirasong pilak, gaya ng nangyari; at inilagay sa hukay, ipinagpalagay na patay na. Doon sa krus; ang isa'y napahamak at ang isa'y naligtas. At itinaas mula sa krus; at nakaupo sa kanan ng Diyos, sa Kamahalan, ang dakilang Espiritu na naaninag sa Kanya. At walang tao ang maaaring kumausap sa Diyos, sa pamamagitan lamang ni Jesus Cristo. Isipin n'yo 'yun! At sa pag-alis Niya sa Luklukan na 'yun, dadagundong nga, "Tutunog ang trumpeta, at bawat tuhod ay luluhod at bawat dila ay magpapaahayag."

<sup>96</sup> Alalahanin n'yo, siya ang anak ng kasaganahan. Lahat ng gawin niya'y sumasagana. Ito ma'y sa bilangguan, o kung saan man, lumalabas nang tama.

At hindi ba't ipinangako Niya para sa mga anak Niya na ibubunsod Niya ang lahat ng mga bagay na magkalakip-lakip para sa ikabubuti? Ito ma'y karamdaman, bilangguan, kamatayan, mga pighati, anuman ito, haya't gagawa ito para sa ikabubuti ng mga umiibig sa Kanya. Ipinangako Niya ito, at marapat lang na magkaganoon. Marapat lamang. Patalinghaga, na ipinangusap sa atin sa Kanya. Siya ang ganap na Larawan ng Diyos. Ngayon makikita natin dito, rin, na sa pagparito Niyang muli. . .

<sup>97</sup> Tandaan n'yo, iniligtas ni Joseph sa pamamagitan ng kapahayagan ang mundo, sa pamamagitan ng dakila niyang

pagpropoesiya. Namatay na sana ang mundo kung hindi dahil kay Joseph.

At ang mundo ay—ay patay na sana kung hindi dahil kay Jesus. “Sapagkat gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kanya’y sumampalataya ay huwag mapahamak.” Iningatan ng Diyos ang Buhay.

<sup>98</sup> Maaari tayong magpatuloy nang magpatuloy! Dahil, talagang katugma Siya ni David. Katugma Siya ni Moises. Katugma Siya ni Elias. Katugma Siya ni Joseph. Ang lahat ay isinalarawan o paunang nasaysay na ukol sa Kanya sa Lumang Tipan, tugmang-tugma mismo roon, (ano ‘yun?) pagpapakita ng isang sakdal na Manunubos. Na, maaari nating ilagay ang lumang maruruming damit natin sa palabahan, tapos pupuntahan at tutubusin muli. Na nahugasan na sa Dugo ng Cordero. Maaari na nating tubusin kung ano ang sa atin. At ang lahat ng bagay na ikinamatay Niya, maaari nating angkinin. Hayan mismo, na Siya ang sakdal na Salita, na isinalarawan.

<sup>99</sup> Nalugod ang Diyos, ang dakilang Eskultor, na hampasin Siya, at gawin ‘yun sa ganitong paraan. Makikita natin Siya rito sa Isaias, gaya ng binasa ko, “Ipinagpalagay natin Siyang lahat, tinalikuran natin Siya. Walang kagandahan na mananais tayo sa Kanya,” lahat ay may nasasabi ukol sa Kanya, pinagtatawanan Siya. Tinutukoy ko Siya sa panahon ngayon, nililibak Siya ng lahat. Kita n’yo? “Ipinagpalagay natin Siya, nakita natin Siya.” Ang ibig sabihin ng *pagpapalagay* ay “tingnan.” “Ipinagpalagay natin Siya na hinampas at sinaktan ng Diyos.” Gayunman, Siya, para saan at ginawa Niya ito? “Siya’y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang; Siya’y nabugbog dahil sa ating kasamaan.”

<sup>100</sup> Ngayon, maaari tayong magpatuloy nang magpatuloy sa bagay na ‘yan, pero naniniwala ako na nakukuha n’yo na ang larawan ng ibig kong sabihin ngayon, ang Diyos na itinatayo muli ang Kanyang Obra Maestra.

<sup>101</sup> Pero huwag nating kalilimutan na sa pasimula noong hampasin Niya ang tagiliran ni Adan, kumuha Siya ng isang bagay mula sa tagiliran niya.

Ngayon, ang paghampas kay Cristo ay para sa isang layunin, ‘yun ay para kumuha Siya mula sa Kanya, ng isa, para maging pamilya, kinuha ang Nobya; ang dahilan ay para makakuha Siya ng isang Nobya para sa Kanya. Kaya noong maging perpekto na ang Obra Maestra Niya, pagkatapos nga’y kinailangan Niyang hampasin Ito, para kumuha mula sa Kanya; hindi panibagong piraso, hindi panibagong nilalang, kundi sa siya ring nilalang.

<sup>102</sup> Kapatid ko, huwag mong masamain ito, kundi pagbulayan mo pansumandali. Kung kumuha Siya mula sa Kanya, sa orihinal na nilikha, para likhain ang Nobya para sa Kanya, hindi na Siya gumawa ng panibagong nilikha. Bahagi ng orihinal na

nilikha ang kinuha Niya. Kaya naman, kung Siya ang Salita, ano dapat ang Nobya? Kinakailangan mismo na orihinal na Salita, ang buhay na Diyos sa Salita.

<sup>103</sup> Sa Kimberley, Timog Aprika. Minsan noong tumitingin ako sa mga diyamante, kung papaanong hinahango ang mga 'yun mula sa lupa. At nakita ko ang mga 'yun na nasa lapag lang. Mangyaring, buweno, 'yung—'yung tagapangasiwa ng planta, o ng minahan, ay isa sa mga usher ko sa pila para sa pananalangin. At napansin ko sa mga diyamante, na nagkakahalaga ng makailang sampung libong dolyar, na nakabunton lang dun, pero hindi kumikinang ang mga 'yun kahit sa ilalim ng liwanag. At sabi ko sa tagapangasiwa ng mga minahan, sabi ko, “Bakit hindi kumikinang ang mga ito?”

<sup>104</sup> Sabi niya, “Ginoo, hindi pa natatapyas ang mga ito. Kailangan matapyas muna ang mga ito. Pagkatapos, kapag natapyas na, papaaninagin na nila ang liwanag.” Hayan nga.

<sup>105</sup> Kailangang matapyas ng Obra Maestra. Pansinin n'yo, tapyasin para sa ano? Itatapon ba 'yung tatapyasing piraso? Hindi, hindi. Yung tinapyas na piraso, gagawin 'yung karayom ng victrola, at 'yung karayom na victrola'y ipapatong sa isang—isang—isang plaka na di-nakikitang musika sa mundo. Anupa't 'yung karayom ang nagpapalitaw dun sa musika na 'yun, inilalabas 'yung tunay na interpretasyon ng Salita.

<sup>106</sup> Ang buhay Niya'y tumugma sa lahat ng mga tauhan na 'yun. Nalugod ang Diyos na hampasin Siya. At, ngayon, bakit Niya Siya hinampas? Sa parehong dahilan kung bakit kinailangan Niyang hampasin noon si Adan.

<sup>107</sup> Ngayon nakita natin Siya na hinampas, sinaktan ng Diyos at dinalamhati, ang perpektong Cordero na pinaslang para sa makasalanang—mga makasalanang, isang perpektong Obra Maestra.

<sup>108</sup> Ngayon, sa loob ng halos dalawang libong taon, ang Diyos ay muling gumagawa ng isang Obra Maestra. Dahil, hinampas Niya noon si Adan para kumuha ng isang ob-. . . isang tapyas mula sa kanya, na bahagi niya, isang tadyang para gumawa ng isang asawang babae para sa kanya. At ngayon 'yung sakdal na Obra Maestrang 'yun na hinampas Niya sa Kalbaryo, kumuha Siya ng isang tapyas mula sa Kanya. Ito nga 'yung Bagong Tipan, hayan mismo. Tinupad Niya ang Lumang Tipan. Ngayon heto na 'yung Bagong Tipan, isa pang piraso na dapat matupad. Kita n'yo, ang Bago at Luma ay ang asawang lalaki't asawang babae. Kita n'yo? At kinailangan ng Bago para pauna-. . . Paunang ipakita ng Luma ang Bago; dumating si Cristo, ang Obra Maestra, para tuparin 'yun. Ngayon ang Nobya Niya ang tutupad sa lahat ng bagay na nasa Bagong Tipan. Isa pang Obra Maestra ang kasalukuyang ginagawa.

<sup>109</sup> Inabot Siya ng apat na libong taon para gawin ang Obra Maestrang ito; ngayon Siya, sa loob ng halos dalawang libong taon ay gumagawa ng isa pang Obra Maestra, isang Nobya para kay Cristo, isa pang Obra Maestra. Sa paggawa rito, ay ginagawa Niya ito sa pamamagitan ng di-nagbabagong pamamaraan Niya, sa parehong paraan kung papaano Niya ginawa ang Obra Maestra; sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Sa ganoong paraan Niya ginagawa ang Kanyang mga Obra Maestra, dahil magiging sakdal lang Siyang Obra Maestra kapag Ito'y ang sakdal na Salita.

Anumang dumi, basura, mga pilit idadagdag, haya't masisira ito. "Anupa't ang kalangitan at lupa'y lilipas, ngunit ang Salita na 'yun ay di kailangan masisira." Tandaan n'yo, sa pagtatapyas ng isang diyamante, kailangan may perpektong kasangkapan kayo na magagamit para gawin ito, hindi basta na lang kahit anong piraso ay puwede na. Nakita ko 'yung mga tone-tonelada't naglalakihang pandurog na sinagasaan ito, at pinadadagan gamit ang malalaking tone-toneladang 'yun, at pinadadaan sa diyamante mismo. Hindi, hindi nun madudurog ang diyamante. Kinakailangan 'yung matapyas.

<sup>110</sup> Ngayon ganoon din ang ginagawa Niya sa Kanyang di-nagbabagong pamamaraan. Nalaman natin, sa Malakias 3, ang sabi Niya, "Ako ang Diyos, at hindi Ako nagbabago." Hindi Niya maaaring baguhin ang Kanyang pamamaraan.

<sup>111</sup> Ngayon, noong magpasimula Siya kay Abraham. Matapos na bumagsak ng unang obra maestra, nagsimula Siya kay Abraham, sa isang pundasyon, para magtayo ng isang panibagong obra maestra.

Nagsimula Siya sa Araw ng Pentecostes, para itayo ang isa pang Obra Maestra, ang orihinal na Binhi, ang Salita. Nagsimula sa unang Iglesya. Ano 'yun? Ang Binhing, Salita, ang Salita na nahayag, ang pangako na ibinigay. Sabi ni Joel, "Mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Diyos, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman; ang inyong mga anak na lalaki't mga anak na babae'y magpropopesiya, ang inyong matatanda'y managinip ng mga panaginip, ang inyong mga kabataang lalaki'y makakakita ng mga pangitain." Kung ano mismo ang gagawin Niya sa huling mga araw, sa dalawa, huling dalawang libong taon.

<sup>112</sup> Pansinin, at nagpasimula 'yun bilang orihinal. Gaya ng sinabi ni Jesus, "Ang Salita ng Diyos ay isang Binhi na inihasik ng isang manghahasik." At Siya ang Manghahasik na 'yun. Yung Binhi ay 'yung Salita. At, pansinin n'yo, anumang binhi na matitirang mag-isa ay walang magagawa. Kinakailangan na mahulog 'yun sa lupa para mamunga uli. At ang Binhing ito, ang sakdal na Iglesyang 'yun, ay nahulog sa lupa sa Nicea, Roma, noong siya'y maging isang denominasyon.

<sup>113</sup> Ngayon, mga mananalaysay ng kasaysayan, alalahanin n'yo. At kayo na makikinig sa teyp na ito, saliksikin n'yo at alamin kung hindi ba't tama ito. Namatay ang iglesya sa Nicea, Roma, noong tanggapin niya ang mga dogma't mga kredo, sa halip na 'yung orihinal na Salita. Ano 'yun? Ipinakita ng Diyos, sa pamamagitan ng unang Iglesya, na Siya ay Diyos. May sinakdal Siyang Iglesya; pero ang Iglesya, gaya ng lahat ng iba pang mga binhi, ay kinakailangang mahulog sa lupa at mamatay. Ngayon, nahulog ito sa lupa, at namatay, at nabulok.

<sup>114</sup> Alam n'yo, may nabasa akong aklat, dito di pa katagalan. May sumulat ng isang—isang aklat, at ang pamagat, *The Silent God*. Baka nabasa n'yo na. Nakalimutan ko lang, pero sa palagay ko—sa palagay ko parang si Brumback. . .Hindi, hindi ko maalala, hindi ako sigurado kung sino 'yung sumulat. Haya't di ko maalala. May kopya ako nun sa silid ko. *The Silent God*, ang sabi, “Ang Diyos, sa loob ng sanlibong taon ng madidilim na kapanahunan, ay nanatiling tahimik at ni di man lang nagpakilos ng kamay, at pinanood lang ang mga tapat na martir na dinala sa hukay na kinaroroonan ng mga leon; at sinunog ng mga Romano; lahat na mismo ng uri ng pagpatay; ang mga kababaihan ay hinubaran ng kanilang mga damit, sinilaban ang kanilang mahabang buhok, gamit ang alkitran, at sinunog sila.” Alalahanin n'yo, ang maiksing buhok ay nagsimula sa Roma. At 'yung mga Cristianong kababaihan ay mahahaba ang buhok, kaya isinawsaw nila—nila 'yun sa alkitran at sinilaban sila, at sinunog sila, at sila'y hubo't hubad; ipinakain sila sa mga leon. At napabulalas na lang ang manunulat, “Saan naroon ang Diyos na 'yun?”

Oh, ang pagkabulag nga naman ng tao, kung minsan! Hindi n'yo ba nalalaman na kailangang mamatay ng Binhing 'yun? Hindi Niya sinubukang iligtas sila. Bumagsak sila nang matagumpay. Bumagsak sila, na duguan at naghihingalo, inialay ang kanilang mga buhay. Bakit? Isa kasi 'yung Binhi. Kinakailangan talaga nung mahulog sa lupa, gaya nung, una't, sinasabi sa atin ng Juan 12. “Ang butil ng trigo, kinakailangan nitong mahulog sa lupa at mamatay roon; at hindi lang mamatay, kundi mabulok.” Pero lingid sa kaalaman ng denominasyong 'yun na 'yung Buhay na 'yun ay naroon pa rin. Bagaman ang iglesya mismo. . .

<sup>115</sup> Doon sa Konseho ng Nicea, sa labing-limang araw ng madugo't mapulitikang debate, noong pumasok ang mga aristokratang 'yun at ipinagpilitang ipasok ang matataas na dignitaryo na 'yun sa iglesya. At nagsidalong roon ang mga propeta mula sa ilang, na mga damo ang kinakain at balat ng hayop ang saplot, mga tunay na propeta, at itinaboy nila sila palabas. Bakit? Kinakailangang mahulog ang Binhi sa lupa. Kinakailangan nitong mamatay.

<sup>116</sup> Namatay Ito sa madidilim na kapanahunan, napasailalim sa

maitim na lupa. Inakala nilang nalipol na ito. Alam n'yo, San Juan 12:24, ang sabi ni Jesus, "Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa, matitira itong mag-isa." At 'yung unang Iglesia ay 'yung reproduksyong 'yun, ang Nobya na 'yun, ang Binhi na 'yun, ang Salita na 'yun na nahayag, na nahulog sa lupa sa Nicea, Roma.

<sup>117</sup> Pakinggan n'yo, Iglesia, at sa lahat ng mga bansa na makakaranig nito. Hayan ang lupa n'yo, ang mga denominasyon na 'yan. Doon ipinako ang Salita, at dogma ang tinanggap nila. At sa loob ng daan-daang taon ng madidilim na kapanahunan, ang Kapangyarihan at paghahayag ng Salita ay naitago mula sa sanlibutan. Ang Katolisismo lamang ang naghari. Alam nating lahat 'yan, sa pagbabasa ng kasaysayan. Ang Katolisismo lamang ang nagahari.

<sup>118</sup> Pero, hindi n'yo—hindi n'yo maitatago ang isang Binhing sinibulan ng buhay, kinakailangan Nitong umusbong dahil (bakit?) ang dakilang Eskultor ay nagtatrabaho. Muli Siyang magtatayo. Haya't Siya...

Nahulog ang Binhi, ang Salita.

<sup>119</sup> Haya't nakita natin sina San Pablo, Pedro, Santiago, Juan, lahat ng mga sumulat ng Salita. At 'yung sinulat nila, 'yung Salita na isinulat nila'y nabuhay, at nabuhay, at nabuhay Ito. At nakita rin natin, matapos na magsimulang mahinog nito, nagsimulang sumulat si Juan ng mga sulat, ipinatapon siya sa pulo ng Patmos matapos na subukang sunugin siya sa langis sa loob ng dalawampu't apat na oras. Pero kinakailangan mismo na lumabas ang Salita. Kinakailangan Ito ng maisulat. Hindi nila nagawang pakuluan ang Espiritu Santo palabas sa kanya, gamit ang langis, kaya nakalabas siya roon. Hindi pa tapos ang trabaho niya. Natural na kamatayan ang ikinamatay niya.

<sup>120</sup> Si Polycarpo, na isang alagad ni Juan, itinuloy niya ang pagdala sa Salita. At mula kay Polycarpo ay dumating si Ireneo. At si Ireneo, ang dakilang lingkod ng Diyos na sumampalataya sa siya ring Ebanghelyo na sinasampalatayanan natin, "Ang Salita ay hinog na." Pinipilit Ito ng iglesia na pigain palabas.

<sup>121</sup> Sa huli'y nakarating sa Nicea, Roma, at doon siya'y nahulog sa lupa, pagkatapos ni San Martin, at pinatay. Sinasampalatayanan ni San Martin ang parehong bagay na sinasampalatayanan natin. Ganoon din ang kanyang tinayuan; ang bautismo ng Espiritu Santo, ang bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus. Pinanindigan niya ang mismong parehong bagay na pinaninindigan natin. At isa siyang propeta, at sinampalatayanan ang buong Salita ng Diyos. At sa huli'y ipinako sila sa krus, at nilasog-lasog sa lupa, at nahimlay roon nang daan-daang taon, hanggang sa mabulok 'yung panlabas na bahagi, nung Binhi. Yung mga lumang katawan ay nabulok. Nakapunta na ako sa Sant'Angelo noon, sa mga libingan, at

nakita ko kung saan sila namatay, at 'yung mga bali-baling buto nila't lahat na. Sa huli'y nabulok sila hanggang sa 'yung mga buto nila'y naglaho, pero 'yung Buhay ay naroon pa rin.

<sup>122</sup> Yung butil ng trigo na nahulog sa lupa sa . . . sa Konseho ng Nicea, nagsimulang sumibol muli, kay Martin Luther. Gaya ng iba pang butil na umuusbong, o trigo; matapos na mabulok ng mga binhi, may buhay na sumisibol. At nagsimula itong umusbong kay Martin Luther. Anong ginawa niya, 'yung kauna-unahang bagay? Tinanggihan niya ang denominasyon ng Katolisismo, prinotesta na mali ito. Dahil, ang sabi niya, "Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya." Ano 'yun? Isang munting murang Buhay na nagsibol ng ilang maliliit na usbong. Yun ang mga Luther. Totoong hindi 'yun kahawig nung butil na nahulog sa lupa, pero lumilitaw na 'yung Buhay noong panahong 'yun.

<sup>123</sup> Pagkatapos nagpatuloy ito sa isang tangkay. Pagkatapos anong nangyari? Sa panahon ni John Wesley, anong ginawa niya noong ilabas niya ang pagpapaging banal? Nanatili siya sa Salita. At anong ibinunsod nun? Nag-organisa ang mga Lutheran at gumawa ng isang organisasyon, kaya panahon na para may mangyari. Ang obra maestra ay binubuo na ngayon. Anong ginawa niya? Anong ginawa niya? Prinotesta niya ang iglesyang Anglican, lumabas sa repormasyon bilang isang uhay. Ano 'yun? Nabubuhay na ang binhi, lumalago na noong panahong 'yun.

<sup>124</sup> Ngayon, hindi kahawig nung tangkay 'yung binhi, maging nung uhay.

<sup>125</sup> Ngayon, mga kapatid na Pentecostal sa lahat ng mga bansa, gusto kong makinig kayo, kapatid ko. Kung ito na ang huling Mensahe na maipapangaral ko, Ito na ang obra maestra ko. Napapansin n'yo ba na kapag ang trigo'y . . . ang butil ng trigo na nahulog sa lupa, kapag unti-unti na itong nag-aanyo pabalik sa butil nito—butil nito muli?

<sup>126</sup> Masdan n'yo ang kalikasan. Ang kalikasan, mismo, ay ang Diyos. Ang Diyos ay gumagawa sa kalikasan, ganoon mismo ang ginagawa Niya. Pero mula sa Pentecostal na rebaybal, gaya ng inisip nila, 'yun na raw ang Binhi; hindi pa. Ngayon masdan. Anupa't may lumabas na katulad nung Binhi. Ngayon masdan n'yo ang sinabi ni Jesus, sa San Mateo 24:24, na, "Ang dalawang espiritu sa huling mga araw ay magiging magkahawig na magkahawig anupa't dadayain nito kung maaari pati ang mga Hirang."

<sup>127</sup> Ngayon, 'yung tangkay na 'yun ay hindi kahawig nung binhi; maging 'yung uhay ay hindi rin kahawig nung binhi. Pero pansinin n'yo ngayon, hindi sa araw ni Luther, kundi sa huling araw.

128 Unang-una. May mga magsasaka ng trigo na nakaupo rito ngayon. Ang unang bagay na umuusbong sa binhing trigo, halos aakalain n'yong 'yun na 'yung binhi, pero (ano 'yun?) ipa. May binubuo roon na isang munting panlabas na bagay, parang, balot na humahawak dun sa butil. May ipa na nabubuo. Pero 'yung ipa ay hindi 'yung binhi, kung papaanong 'yung uhay o 'yung tangkay ay hindi rin. Tagapagdala lang 'yun ng buhay, nung butil ng trigo, hayan nga. Sa San Juan 12, makikita n'yo, nagsasalita si Jesus.

129 Ang trigo, kasunod nung uhay (kasunod ni Wesley), ay nag-usbong ng ipa, na siyang pinakamalapit na kahawig nung butil kumpara sa iba pa. Yung ipa nga'y kahawig na kahawig nung butil. Papalapit na nang papalapit sa butil sa tuwina, sa isa na 'yun na naibaon sa lupa. At noong umusbong ito, 'yung tangkay, may dalang Buhay roon, pero hindi pa 'yun sa totoo lang 'yung butil. Umusbong 'yung uhay, 'yung polen, hindi pa rin 'yun 'yung butil. At pagkatapos umusbong 'yung ipa, at ito'y kahugis mismo nung trigo, kaparehong-kapareho na mismo nung butil ng trigo, pero sa kabila nun hindi pa rin 'yun 'yung trigo. Kahugis na kahugis, kasukat pa nga.

130 Lumabas ang mga Pentecostal katulad nung trigo. Bawat isa'y lumalabas mula sa isa pa, lumalabas mula sa isa pa, pero tagapagdala lang ang mga 'yun. Nauuwi sila sa denominasyon. At ganoon ang nagawa ng Pentecostal, nauwi sa denominasyon. At anong ginawa ng Pentecostal noong lumabas ito na parang 'yun na 'yung butil? Bumaling ito pabalik, gaya sa Apocalipsis 17, sa isa sa mga kapatid na babaing denominasyon. Ganoon nga mismo ang nangyari. Si Jesus ang may sabi.

131 Ngayon masdan n'yo. Lalabas ang Ebanghelyo sa pamamagitan ni Luther, sa pamamagitan ni Wesley, patungo sa Pentecostal, at sa huling mga araw ay dadayain nito ang mismong Hirang kung maaari. Ang Hirang mismo! Oh, Pentecostal na mga kapatid, hindi n'yo ba nakikita?

132 Ang trigo sa unang pagsisimula nito ay kahawig nung binhi, kapag nagsisimula itong mag-anyong katulad nung binhi, pero ipa pa lang. Naging denominasyon ito, parehong-pareho sa nagawa nila rito kay Luther. Sa Apocalipsis 17, pinatutunayan nito ang siya ring bagay, ukol sa mga iglesya.

133 Ngayon, ang butil na Binhi, sa orihinal, ay nahulog sa Nicea, dahil 'yun ang unang denominasyon.

134 Pansinin n'yo rito, 'yung Buhay na nasa tangkay, uhay, haya't lahat ngayon ay tutugaygay sa huli sa Binhi. Umusbong ang Buhay sa orihinal na Binhi, tapos dumaan sa iba't ibang proseso (tatlong magkakaibang proseso), at pagkatapos ay manunumbalik na sa orihinal Nitong kalagayan. Hallelujah! Oh, grabe! Ako na ang pinakamasayang tao sa buong mundo, yamang ipinahintulot ng Diyos na makita ko Ito. Masdan n'yo

kung gaanong kaperpekto na gumagawa ang Salita at ang mga ito (kalikasan) nang magkalakip.

<sup>135</sup> Gaya nung pagsasalarawang-patunay natin sa pagkabuhay na mag-uli; sumisikat, ang araw; lumulubog ang araw; tapos sisikat muli.

Ang dahon ay malalagas mula sa puno, bababa, magtutungo 'yung dagta sa ugat; at babalik paglaon pataas, at—at 'yung dahon ay kasabay na aakyat muli. Nahulog 'yun sa lupa; sinisipsip 'yun pabalik nung buhay ng puno, 'yung calcium at potash, at ibinabalik 'yun sa panibagong dahon muli.

Kita n'yo, ang buong kalikasan, lahat ng bagay ay gumagawa na nakalakip—nakalakip sa Salita ng Diyos. At heto ito, eksaktong-eksakto, ganap na ganap sa Mga Kapanahunan ng Iglesya rito. Yan ang dahilan kung bakit bumaba ang Espiritu Santo at iginuhit ang mga bagay na 'yun, at isinalarawan ang mga 'yun para sa atin gaya mismo ng ginawa Niya. Ganoon nga mismo.

<sup>136</sup> Pansinin n'yo, rito, ang Buhay na nasa ipa. Nasa tangkay, tapos nasa uhay, sa ipa, tapos ang lahat ay tutugaygay sa Binhi. At ang Buhay na nasa tangkay, ay nagtungo, ang isa'y patungo sa isa pa para mabuo. Ang pag-aaring ganap, ay nagbigay-daan sa pagpapaging banal; ang pagpapaging banal, ay nagbigay-daan sa bautismo ng Espiritu Santo; ang bautismo ng Espiritu Santo, ay nagbigay-daan sa Espiritu Santo Mismo patungo sa kasakdalan, pabalik sa Salita muli, para ihayag ang Sarili Nito.

<sup>137</sup> Pero, ang nagiging denominasyon, ay namamatay. Tulad ng Buhay, kay Luther, ay nagtungo para mabuo si Wesley; at—at, mula kay Wesley, nagtungo Ito sa Pentecostal; at, mula sa Pentecostal, para mabuo ang orihinal na Binhi. Tumugaygay sa Pentecostal, lumabas mula kay Wesley, hanggang sa panahon na 'yun. Ang dahilan kung bakit lumabas ang Pentecostal mula kay Wesley, ay dahil hindi ito denominasyon, ang Pentecostal noon. Pagkatapos naging denominasyon ang Pentecostal, at (anong ginawa nito?) naging ipa. Kahawig nito 'yung tunay na Bagay.

<sup>138</sup> At, mayroon ba rito, ilan po rito ang nakakita na ng isang binhi—isang binhi ng trigo na nagsisimulang tumubo? Ano ang unang munting bagay? Katulad na katulad ito nung binhi, pero ipa ito.

Nakikita n'yo ba 'yung tatlong yugto? Tangkay; tungkos, o 'yung polen; pagkatapos ipa; at pagkatapos, mula sa ipa, uusbong 'yung orihinal na Binhi. Kita n'yo? Hindi isang Binhi; ito'y 'yung Buhay ng Binhi, na tumutubo sa pamamagitan nito, para tumungo sa Binhi. Amen, amen! Nakikita n'yo ba? Ano ito? Isang pagkabuhay na mag-uli, bumabalik sa isang Obra Maestra muli, gaya nung Isa na nabaon.

<sup>139</sup> Lumabas ang Pentecostal mula sa Wesley, dahil ang Wesley ay naging isang organisasyon. Lumabas ang Pentecostal, bilang

hindi organisasyon, at ang kaso'y naging isa rin. Kinailangan mangyari, para mabuo ang ipa. Ang tunay na Salita ng Buhay na naroon, ay patungo na roon sa orihinal na Butil, pagdaan sa mga yugto-yugto. Dumaan sa tangkay, pagkatapos sa polen; mula sa polen, patungo sa ipa; at mula sa ipa, Ito'y naging Binhi.

<sup>140</sup> Hindi, tangkay, uhay, ipa, nabubuhay, umusbong sila (sa kanilang unang rebaybal) bilang isang tagapagdala ng isang partikular na bahagi ng Binhi ng Buhay; pero, noong mag-organisa sila, umalis ang Buhay mula rito. May patunay rian ang buong kasaysayan. Kailanman ay walang organisasyon ang nakagawa ng anuman matapos na ito'y maorganisa. Patay na ito. Siyanga.

<sup>141</sup> Masdan n'yo, patuloy na naglalakbay ang Buhay ngayon. Patuloy Itong umuusad.

<sup>142</sup> Pansinin n'yo, kung anong nagawa nila, 'yung ginawa ng lahat ng mga ito, haya't may patunay sa kasaysayan na ganoon mismo ang nangyari sa iglesya, na hindi na magiging kapaki-pakinabang muli sa Kanya. Ang organisasyon ay naisantabi na sa estante. Wala kailanman, sa buong kasaysayan, na may iglesya, matapos na ito'y mag-organisa, ay kung hindi ba't namatay mismo. At namatay ang organisasyon at di na kailanman nakabangon pang muli. Hindi n'yo ba nakikita? Mga taong bulag, imulat n'yo ang mga mata n'yo! Ang kalikasan at ang Salita'y humahambing sa isa't isa at pinatutunayan dito mismo na Ito ang Katotohanan, na ito ang Katotohanan. Iniwan nung Buhay na 'yun 'yung tangkay, para mabuo 'yung uhay; mula sa uhay, binuo Nito 'yung ipa; at mula sa ipa, muli Itong babalik sa Orihinal. Pansinin n'yo, hindi na kailanman magiging kapaki-pakinabang pa sa Kanya.

<sup>143</sup> Kapansin-pansin mismo sa buhay na ito, sa paglalakbay nito sa butil ng trigo, kaysa sa punongkahoy. Tinawag ng Diyos ang Kanyang bayan na parang isang punongkahoy; kita n'yo, bumababa ang buhay, sa isang punongkahoy, at umaakyat muli; bumababa at umaakyat pabalik; kita n'yo, bumababa at umaakyat pabalik. Pero, sa butil ng trigo, umaakyat ito mula sa orihinal na tangkay... dadaan sa tangkay, uhay, at ipa; at ang bagay na dinaanan nito, ay namamatay, kaya hindi na 'yun makakabalik pang muli. Ano 'yun? Hindi na 'yun kailangan pa. Umuusad na sa kasakdalan nito.

Amen! Hindi n'yo ba nakikita kung bakit di Siya gumagamit ng isang organisasyon? Hindi na Niya 'yun babalikan pa. Patay na 'yun. Pero 'yung Buhay ay nagpapatuloy, mula sa isa patungo sa isa pa. Kita n'yo, naglalagay kasi sila ng mga kredo, at pilit na nagpapasok. "Sinuman ang magdagdag ng isang salita, o mag-alis ng isang Salita," kita n'yo, siya'y hinarangan na mula Rito. Ang dahilan ay patuloy na tumutugaygay 'yung Binhi ng Buhay.

<sup>144</sup> Ginagamit ko ito sa isang talinghaga ngayon, patungkol sa Nobya, ang Obra Maestra na ilalantad. Habang bagsak ang Obra Maestra, may isang Obra Maestra na bumabangon. Ang Obra Maestra'y bumagsak sa Pente- . . . sa Nicea, Roma, sa Nicea. Pagkatapos ng Nicea, Roma, dumaan Siya sa isang proseso, pero tutugaygay at tutugaygay Siya pabalik muli sa Obra Maestra na 'yun, na pinasakdal, dahil bahagi Siya ng Salitang 'yun na binigkas ng Diyos. Magkakaroon Siya ng "isang Iglesya na walang dungis o kulubot man." Hindi Ito konektado sa anumang paraan sa anumang uri ng organisasyon o denominasyon, sa bagay na 'yan na isinumpa. Dumaan na Ito sa mga bagay na 'yun, kaya wala na 'yun dun kailanman.

<sup>145</sup> Pansinin n'yo, papalapit na nang papalapit ang binhi, ang Buhay na 'yun ay padating na, hindi na babalik. Wala nang pagkabuhay na mag-uli pagkatapos nito. Paakyat na ang Buhay, para tumungo sa kasakdalan nito, isang pagkabuhay na mag-uli.

Pansinin n'yo, inilabas ng ipa ang—ang. . . Pansinin n'yo, inilalabas nung ipa ang orihinal na Binhi mula sa sarili nito. Sa Apocalipsis, sa ika-3 kabanata, nasumpungan natin 'yun.

<sup>146</sup> Ngayon tandaan n'yo, walang iba pang iglesya ang nagpalabas sa Kanya, sa Biblia, sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya. Ilan ang nakakaalala nito? Dumaan Siya sa Kapanahunan ng Iglesya, para magpatuloy at gumawa ng iba pa. Pero, ito na Yun. Wala nang kasunod. Anupa't nakabalik na sa kasakdalan ang—ang Eskultor muli, ang Salita. Kita n'yo? Hindi na babalikan. Ibang-iba Ito. Oo. Oh!

<sup>147</sup> At pansinin n'yo pagkatapos, 'yung ipa, noong ito'y umusbong, haya't kahawig na kahawig nung Butil. Pero kapag ang Buhay ng Butil ay nagsimulang umalis sa ipa, para pumasok at mabuo ang Butil (ang Nobya), bumubuka ang ipa at itinitiwag ang Butil. Tama ba? Kalikasan, ganoon mismo ang ginawa niya.

<sup>148</sup> Sa—sa Apocalipsis 3, makikita natin na pinalabas Siya ng Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea. Ngayon, kita n'yo, hindi 'yun nangyari, doon sa ibang mga kapanahunan, dahil may iba pang bagay na kailangan gawin. Dumaan lang Ito't tumungo sa isa pa. Nabanggit ko na sa inyo, noon pa man, wala nang darating na mga denominasyon. Nasa wakas na tayo. At pinalabas nila Siya dahil (bakit?) Siya—Siya—Siya'y ang Salita, muli. Siya'y katulad na Nung nahulog noon. Siya'y siya ring Doktrina na umusbong sa pasimula.

<sup>149</sup> At kapag ang Binhing Salita ay unti-unti nang umuusbong, inilalabas Ito nung ipa mula sa sarili nito. Lilisanin nung Buhay ang lahat ng iba pa, para sumunod Dito. Yun 'yung mga tunay na mananampalataya, sinusundan nila 'yung Buhay saan man tumungo ang Buhay.

<sup>150</sup> Gaya sa Israel, na isang ganap na tipo, sige't kung may oras pa tayo; may ilang minuto na lang ako na natitira. Pero sa ganap na tipo, sa pasimula, saan man magtungo ang Haliging Apoy na 'yun ay Buhay. Ang Diyos ang Ilaw na 'yun. At di ko alintana hatinggabi man, o kung nasa isang mabuti't piling dako ba sila; kapag kumilos ang Haliging Apoy na 'yun, tutunog mismo ang trumpeta't uusad ang Israel kasama Nito.

Hallelujah! At noong tumunog ang trumpeta, kumilos si Martin Luther kasama Nito. At siya'y nag-organisa, pinatay... hindi siya mismo; kundi 'yung mga tao na kasunod niya. At pagkatapos kinuha ng Diyos ang Buhay mula roon, dinala Ito para magtuluy-tuloy, inihimlay naman 'yun sa libingan.

<sup>151</sup> Pagkatapos lumabas si Wesley. Nakita niya ang malaking organisasyon na 'yun, kaya pinatunog niya ang isang trumpeta, ng pagpapaging banal, higit pang Salita. Kita n'yo? Noong gawin niya 'yun, lumabas sila, mula mismo kay—kay Luther, patungo sa Methodist.

<sup>152</sup> At noong makita Ito ng Pentecostal, pinatunog nila ang isang—isang trumpeta, panahon na para maipanumbalik ang mga kaloob. Nakita n'yo 'yung ginawa nila? Nagpapatunog sila ng trumpeta, tapos lumalabas sila. Pagkatapos nag-oorganisa sila.

Pero, tandaan n'yo, pagkatapos nung ipa, tatlong yugto 'yan na natalakay na natin, wala nang natitira pa kundi 'yung Butil na. Oh Diyos! At pagkatapos pinalabas na 'yung Butil mula sa lahat ng ito. Amen at amen! Unti-unti nang binubuo nung Binhing Salita ang Sarili Nito, inilalabas na ang Buhay mula sa... Ngayon pansinin n'yo, kung ang Nobyo, ang pasimula, ang una, ang Nobyo... Ito na 'yung Nobya na parating.

<sup>153</sup> Alalahanin n'yo, ang Iglesia'y nagsimula sa Pentecostes, at nahulog Ito sa Nicea. Tumubo ito, pero di tulad nung tunay na Butil, hindi; may bahagi ng Buhay roon, pero sumibol ito para bumuo ng isang organisasyon. At lumabas Siya sa organisasyon na 'yun. At pagkatapos anong ginawa Nito? Pagkatapos nga'y tumungo Ito, mula sa organisasyon na 'yun, tumungo Ito sa panibagong organisasyon, dumako sa panibagong yugto ng Salita; pag-aaring ganap, pagpapaging banal, bautismo ng Espiritu Santo. Kita n'yo? At habang dumaraan Ito sa tangkay at sa proseso, lalo Itong lumalago.

<sup>154</sup> Alalahanin n'yo, ang munting polen ay higit, ang uhay ay higit na kahawig nung Binhi kaysa sa tangkay. At 'yung ipa ay kahawig na kahawig nung Binhi kaysa sa uhay. Pero 'yung Binhi Mismo'y higit pa roon. Kita n'yo? Ginamit lamang Nito 'yun bilang transportasyon, para dalhin ang Sarili Nito sa pagdaan.

<sup>155</sup> Pansinin n'yo, ang Nobya. Kung ang Nobya, sa pasimula, ay ang Salita, o ang Nobyo; at pagkatapos kung ang Nobya ay

hinugot mula sa Nobyo, marapat lamang na Ito'y ang Salita rin. Pansinin n'yo, ang Nobya nga'y dapat na ganoon na ganoon din.

<sup>156</sup> Bakit, bakit dapat na ang Nobyo ay yaong Salitang nahayag, napaging malinaw? Dahil ang Nobya at ang Nobyo ay lisa. Yung Nobya ay 'yung bahaging tinapyas mula sa Kanya. Hayun ang Obra Maestra. Hinampas Ito. Sabi . . .

<sup>157</sup> Hindi na 'yun kayang buuin muli ni Michelangelo. Hindi na niya 'yun maibabalik.

Pero magagawa ng Diyos. Ibabalik Niya ang munting Nobya na ito, na hinampas, sa tagiliran ng orihinal na Salita. At hayun Siya, hayun ang Obra Maestra, ang pamilya na ipanunumbalik muli sa halamanan ng Eden.

<sup>158</sup> Papaano 'yun magagawa ng Nobyang ito? Papaano 'yun magagawa ng Trigong ito? Sinabi ng Malakias 4, sa huling mga araw, na ito'y ipanunumbalik, (ano?) ipanunumbalik gaya sa pasimula; isasauli! "Aking isasauli," sabi ng Panginoon, "ang lahat ng mga taon ng tipaklong, at uod, at lahat ng iba pang mga bagay na nakain. Aking isasauli muli." Ang sabi ng Malakias 4, "Kanyang ipapanauli ang puso ng mga tao, at ang Pananampalataya ng mga tao, pabalik sa orihinal na mga magulang muli." Kita n'yo? Nakikita natin ito sa harapan natin mismo, Iglesya. Nasaan na tayo?

<sup>159</sup> Ngayon, magtatapos na tayo sa ilang minuto. Nais kong pansinin n'yong maigi ang isang bagay na nangyari.

Ang Malakias 4 ang magbabalik, pabalik sa orihinal.

<sup>160</sup> Siya'y tinapyas mula sa iglesya, mula sa katawan ng iglesya; hinampas kasama ng Kanyang Panginoon, para sa parehong layunin. Siya ang Salita. Katulad noong tinapyas si Joseph mula sa mga kapatid niya, dahil siya ang Salita. At si Jesus ay tinapyas mula sa mga kapatid Niya, dahil Siya ang Salita. Ang iglesya ay hinampas . . . Ang Nobya ay tinapyas mula sa iglesya, dahil Siya ang Salita. Hayan muli ang mga yugto n'yo; isa, dalawa, tatlo, kita n'yo, tugmang-tugma mismo.

<sup>161</sup> Ang Salita, ay nabubuhay at kumikilos, ang Nobya ng Biblia, hindi nobyang gawa ng tao; ang Nobya ng Biblia, hinampas at sinaktan ng Diyos. "Walang kagandahan na mananais tayo sa Kanya, gayunan ay ipinagpalagay natin Siya na hinampas at sinaktan ng Diyos." Ganoon nga. Mag-isa Siyang naninindigan. Tinapyas Siya mula sa mga denominasyon, ayon sa Apocalipsis 3. Hinampas Siya palabas mula sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea kung saan Siya ibinangon. Kita n'yo? Ang Iglesyang ito'y ibinangon sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea; 'yun ang ipa. Pero kung ang iba'y napunta sa . . .

<sup>162</sup> Hindi n'yo ba nakikita 'yun mga Pentecostal na kalalakihan, na kung 'yung isa na 'yun ay ipa't namatay? Na kung 'yung isa pa ('yung tangkay) ay kinailangang mamatay, kung kinailangang

mamatay nung uhay, ganoon din na kailangang mamatay nung ipa; ang tatlong yugto ng organisasyon.

<sup>163</sup> At alalahanin n'yo, ang sabi n'yo, "Buveno, ngayon, napakaraming mga uhay ang nakadugtong. Napakaraming *ganito*." Oo. Yun 'yung Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, church of Christ, lahat na ng iba pang mumunting ito na nahulog dito, mga dahon at lahat na ng iba pa na nakadugtong dito, pero 'yung orihinal ay 'yung mga repormasyon, ngayon, kita n'yo.

<sup>164</sup> Naninindigang mag-isa, gaya ng Nobyo, "tinanggihan ng tao, hinamak at itinakwil ng mga iglesya." Nakatayo sa ganoon ding katayuan ang Nobya. Ano 'yun? Kanyang Obra Maestra Ito, kita n'yo, ito ang Salita na maaari Niyang trabahuin, ihayag. Tinanggihan!

<sup>165</sup> Kaya, 'yung tangkay, 'yung uhay, at 'yung ipa, ay di kailanman magiging Binhi, hindi, pero sa paglaon ay nagiging kahawig ng Binhi.

<sup>166</sup> Ngayon sa panahon ng anihan, ang Binhi ay nakabalik na sa orihinal nitong Buhay, pabalik sa Biblia. Sinabi ng Malakias 4 na magiging ganoon. Oh, oh, grabe! Kailangan mismo na taglay lahat! Para maging ganito, kailangan Nitong taglayin ang buong Salita. Tama ba?

<sup>167</sup> Ngayon anong sinabi Niya, sa Apocalipsis 10, na magaganap? Bakit naglakbay sa Tucson? Para buksan sa Iglesya. "Sa mga araw ng mensahero, ng ikapitong anghel, ang Mensahe ng ikapitong anghel, ang buong Salita ng Diyos ay mahahayag. Ang Tatak, 'yung naiwan ng tangkay, tungkol sa bakit at ano ang lahat ng ukol Dito, ay mahahayag sa panahong ito."

Ganoon ba ang sinabi ng Salita? Kung ganoon, nakikita na natin ito. Kung ganoon nasaan na tayo, kita n'yo, nasaan na tayo? May isang bagay na lang, narito na ang anihan. Ganap na Siyang hinog. Handa na Siya ngayon para sa Pagparito. Pansinin n'yo.

<sup>168</sup> Hindi, hindi 'yun kailanman maaaring maging Ito. Sa panahon ng tag-ani, ang Binhi ay nakabalik na sa orihinal nitong kalagayan, at kinakailangan na taglay nito ang buong Salita, para maging Binhi. Ngayon, hindi uubra ang kalahating Binhi; hindi 'yun tutubo. Kita n'yo? Kinakailangan buong Binhi. Kinakailangan hindi nito ihayag. . . Sasabihin, "Naniniwala ako sa bautismo ng Espiritu Santo. Hallelujah! Naniniwala ako sa pagsasalita ng iba't ibang wika." Bahagi lang 'yun ng Binhi, uh-huh, pero ngayon may idinagdag dun. Hallelujah! Kita n'yo? Ang Buhay, hindi ang mga kaloob; kundi yaong Buhay ng mga kaloob. Kita n'yo, nakikita n'yo na ba ang ibig kong sabihin? Nasa huling panahon na tayo, mga kapatid.

<sup>169</sup> Yung tangkay, uhay, ipa, ay patay na't lanta na ngayon. Isang bagay na lang ang kailangang mangyari, 'yun ay ang tipunin sila

sa Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya para sa pagsusunog dito.

<sup>170</sup> Nagsalaman na ang Salita, eksakto mismo sa ipinangako Niya sa Lucas 17, Malakias 4, at sa lahat, kita n'yo, tama, Apocalipsis.

<sup>171</sup> Lahat nung tunay na Buhay na nasa tangkay, uhay, at ipa, ay natitipon na ngayon sa Binhi, handa na para sa pagkabuhay na mag-uli, handa na para sa pag-ani. Ang Alpha ay naging Omega. Amen. Ang una'y naging huli, at ang huli'y ang una. Ang Binhi, na naibaon noon, ay dumaan sa isang proseso at naging Binhi muli.

Ang binhi, na nahulog sa halamanan ng Eden, at namatay doon, ay nanumbalik. Mula sa di perpektong binhi na namatay roon, haya't nanumbalik na sa perpektong Binhi, ang Ikalawang Adan.

<sup>172</sup> Ang unang Eba na nahulog, at ginamit sa ikalawang repormasyon. . .ikalawang pagparito, para magluwal ng isang bata, ngayon ay naging tunay na Nobya muli, ang Binhi, nanumbalik mismo sa orihinal na Salita muli.

Ang Alpha at Omega ay iisa. "Al- . . ." Ang sabi Niya, "Ako ang Alpha at ang Omega," wala Siyang nabanggit na nasa pagitan. Uh-huh. "Ako ang Alpha at ang Omega, ang Una at ang Huli." Siyang, po.

<sup>173</sup> Ang unang ministryo at ang huling ministryo ay pareho. Ang unang Mensahe at ang (ikalawa) huling Mensahe ay pareho. "Ako, Ako'y nasa Alpha; Ako'y nasa Omega." "Magkakaroon ng isang araw na hindi matatawag na araw o gabi, kundi sa oras ng gabi ay Magliliwanag." Kita n'yo, Alpha at Omega, naging ang una't ang huli. Oh, grabe, mga kapatid, maaari tayong maglumagi diyan nang maraming oras.

<sup>174</sup> Ang dakilang obra maestra ng isang pamilya, ang Ikalawang Adan at ang Ikalawang Eba, ngayon ay handa na para sa halamanan, ang Milenyum, amen, pabalik sa lupa. Hallelujah! Hindi hinayaan ng dakilang Eskultor na matiwanag sila roon. Gumugol Siya ng panahon, gaya ng pagtratrabaho Niya nang milyun-milyong taon, para maanyuan ang unang sakdal na mag-asawa; at bumagsak sila. Ngayon libo-libong taon ang nagdaan, Siya'y humubog muli, at ngayon heto na sila na handa na.

<sup>175</sup> Ang Obra Maestra ay dumating at hinampas; mula sa Kanyang tagiliran ay lumabas ang katuwang.

At Siya'y inilabas sa parehong proseso. Ngayon narito na Siya't bumalik nang muli; kalakip ang buong kalikasan, ang Biblia, at lahat ng iba pa, na nagpapakitang narito na tayon.

Mga bansa'y nagkakasira, Israel ay nagigising na,

Mga tanda na inihula ng Biblia;  
 Mga araw ng Gentil ay bilang na, (tingnan  
 n'yo itong santambak na basura na mayroon  
 tayo.) punung-puno ng pagkabalisa;  
 “Magbalik na, Oh mga nangalat, sa sariling  
 lupain.”

Tama. Mainam na dalian n'yong pumasok diyan, kung tutungo kayo.

Malapit na po akong magtapos sa loob ng mga limang minuto, sampu.

<sup>176</sup> Pansinin n'yo ang dakilang obra maestra, ng pamilya. Hindi magiging tunay na pamilya ang asawang lalaki't asawang babae maliban na sila'y isa. Kailangang ganoon. Kung hindi sila ganoon, hindi sila mabuting pamilya; ang asawang babae ay humahatak sa isang direksyon, at ang asawang lalaki nama'y sa kabila. Magiging magulo sila na pamilya. Pero kung sila'y nagkakasundo, na may pag-ibig sa isa't isa, ganoon mismo ang pamilya. At ngayon 'yun ang obra maestra ng Diyos, at ngayon lahat ng tunay na pamilya rito'y isinasalarawan 'yun. Kita n'yo?

At ngayon dumating na muli ang pamilyang Obra Maestra, si Cristo at ang Kanyang Nobya, handa nang dumating. Ang Ikalawang Adan, Ikalawang Eba, handa na ngayong bumalik sa kanilang Tahanan. At ang buong larawan noon pa man ay katubusan. Mula sa kung nasaan ito, ipinanunumbalik 'yun, kita n'yo, ibinabalik mismo muli. Matapos na . . .

<sup>177</sup> Noong isang araw, nakatayo ako rito sa Christian Business Men. Marami sa inyo, sa palagay ko, ang naroon. Nang marinig ko 'yung paring Lutheran na 'yun, o mangangaral, yata, noong tumayo siya roon at sabihin 'yung di n'yo aakalain na masasabing bagay, at ginawang katatawanan ang pinaniniwalaan natin. At pinaunlakan mismo ng mga Full Gospel Business Men ang lalaking 'yun dun, at hinayaan lang na makapagsabi ng ganoon. Nakabaligtad 'yung kulyar niya. Marami sa kanila ang ganoon manamit ngayon. At sabi niya, “Ngayon, tinatanong ako ng mga tao kung bakit ko raw isinusuot nang pabaligtad ang kulyar ko, sabi, ‘Papaano ka nila mapag-iiba sa isang paring Katoliko.’” Sabi, “Wala namang pinagkaiba, at wala dapat.” Sabi niya, “Lahat tayo'y mga anak ng Diyos.” Sabi niya, “May kilala akong paring Katoliko na sumasalihat ng dako, kita n'yo, na kahit saang dako ay naroon siya.”

<sup>178</sup> Ngayon hindi ka maaaring sumasalihat ng dako nang di mo nababatid ang lahat ng bagay. Ang Diyos nga'y hindi sumasalihat ng dako; ang Diyos ay nakababatid ng lahat ng bagay. Nababatid ang lahat ng bagay, kaya 'yun ang nagpapaging sumasalihat ng dako Siya, batid Niya ang lahat ng mga bagay. Pero, para maging isang Persona, kinakailangan na Siya'y nasa isang Persona. Sa pagiging nakakabatid—

nakakabatid ng lahat ng bagay, Siya'y maaaring sumalahat ng dako. Dahil, alam Niya ang lahat ng bagay, at alam na 'yun bago pa man. . . Alam na Niya, bago pa man nagpasimula ang mundo, kung ilang pulgas, kuto, ilang kulisap, at kung ilang beses nila ikinukurap ang mga mata nila, at lahat ng ito, kita n'yo, dahil Siya'y sumasalihat ng dako. Hindi ka maaaring nakababatid—nakababatid ng lahat ng bagay nang hindi ka walang hanggan. At may isa lang na walang katapusan; ang Diyos. Amen! At tapos tayo. . .

<sup>179</sup> Ano 'yun? Ang diyablo 'yun, na inaakay sila diretso sa katayan. Bawat isa sa kanila'y naipasok, eksakto sa sinabi ng Biblia. At heto na ito, kita n'yo, nakapasok na sa gitna ng mga Pentecostal, at basta lang naakay sila nang diretso na parang. . . Grabeng panahon!

<sup>180</sup> Oh, pagkatapos nung patotoo na 'yun, may nagsabi sa akin. . . ako—ako. . . Mabuti na lamang at hindi na ako nagsalita nang marami, dahil baka ipinakulong na nila ako roon. Pero naisip ko lang, "Hayan na."

Ang—ang mga taong naturuan, alam nila. "Makikilala ng mga pantas ang kanilang Diyos, sa araw na 'yun," ang sabi sa Daniel. Siyanga, po. Kita n'yo, "Makikilala ng mga pantas ang kanilang Diyos." Binabantayan nila ang mga bagay na ito.

<sup>181</sup> Ngunit noong makita ko 'yun, at 'yung mga Pentecostal dun ay tumayo pa kasama niya! Maging si Oral Roberts ay napatingin sa akin nang *paganoon*. Sabi ko, "Oh, naku!" Uh! Anupa't, nakatayo roon ang naturang lalaki na may edukasyon naman, pulido, alam n'yo na, at kung ano pa.

<sup>182</sup> Hindi ganyan ang paraan ng pagpupulido ng Diyos sa mga Kanya. Hindi Niya pinupulido ang Kanya sa pamamagitan ng edukasyon. Pinupulido Niya sa kababaang-loob, sa—sa kapangyarihan ng Kanyang nahayag na Salita, na ipinapakita 'yung hugis nung Butil na pinanggalingan Nito.

<sup>183</sup> Ngayon, may nagsabi sa akin, sabi, "Kapatid na Branham," sabi, "may isang bagay ako na di ko maunawaan tungkol sa iyo."

Sabi ko, "Ano po 'yun?"

<sup>184</sup> Nakatayo ako roon sa isang pasilyo. . .sa palagay ko, si Kapatid na babaing Dauch at ang iba pa, matapos kong makipagkamay kay Bill, haya't nakatayo roon; at ang lahat ay nagtungo na roon sa may sulok, at buong bunton ng mga tao. Isang ministro ang nakipagsiksikan papasok, na nakabaligtad ang kulyar, sabi niya, "Bakit ba lagi mong sinasaway ang mga tao?" Sabi niya, "Ang mga taong 'yun ay naniniwalang isa kang lingkod ng Diyos, at kaya maging mahinahon ka't magiliw sa kanila, at lahat na." Sabi, "Sa tuwing napapakinggan kita na tumatayo, pinagagalitan mo lagi ang mga kababaihan, tungkol sa pagkakaroon nila ng maiksing buhok, at pagsusuot ng shorts, at paglalagay ng meypak, at lahat na ng iba pang mga bagay;

at sinasaway mo lagi ang mga tao, at sinasabi sa kanila kung gaanong kalamig at kapormal at wala silang malasakit.” Sabi, “Bakit ganoon ang ginagawa mo?” Sabi, “Mahal ka ng mga taong ’yun. Paanong isa kang mapagmahal na anak ng Diyos at nagagawa mo ang ganyang bagay?”

Sa isip-isip ko, “Panginoon, itulot Mo pong sagutin ko ang matalinong lalaking ito. Kita n’yo? Hayaan Mong sagutin ko lang siya, punto por punto, na animo’y mabibigti siya sa sarili niyang lubid.” Oo.

Sabi ko, “Buweno,” sabi ko, “ginoo, nabasa mo na ba ’yung kuwento tungkol sa isang mahusay na manlilikha ng musika na ang pangalan. . . ’yung bantog na kompositor na kilala bilang Beethoven?”

Sabi niya, “Oh, oo naman, nakabasa na ako tungkol kay Beethoven.”

<sup>185</sup> Sabi ko, “Marahil basu-basurahang dami na ng nalukot na papel ang napunit niya, pero sa kabila nun ay nakapagbigay siya sa mundo ng mga obra maestra.” Hindi na niya ibinuka ang bibig niya para magsabi pa ng ibang salita. Sabi ko, “Kapag naroon siya sa silid niya sa ilalim ng inspirasyon, nagsusulat siya ng kung ano. Papasok siya sa silid niya at mananalangin. Kung hindi tama, lulukutin niya ’yun at itatapon sa basurahan. Pero kapag natapos na siya, nang may buong inspirasyon, ang mundo’y nagkakaron ng isang obra maestra.”

Oh, talagang humihiwa ang Salita, pero Ito’y lumilikha mismo ng mga obra maestra; uh-huh, ihinihiwalay ang lahat ng ipa at tangkay. Magpapalabas ng Obra Maestra.

<sup>186</sup> May pitong minuto pa ako para ikuwento sa inyo ’yung bagay na nangyari noong isang araw, para makalabas tayo nang tama sa oras. Ikatlo ng Hulyo, narito ako’t nakaupo sa . . . sa sentro rito, sa shopping center na nasa labas lang natin dito. Nakapunta na ako sa Pigalle, sa Roma, sa Pransya, at nakapunta na ako sa New York City, sa Los Angeles. Pero ang pinakamaruming grupo ng mga kababaihan na nakita ko kailanman sa buong buhay ko ay sa Jeffersonville, Indiana. Hindi pa ako nakakita ng ganoon katinding kalaswaan at karumihan sa buhay ko gaya ng nakikita ko sa gitna ng mga taong ’yun. Nakaupo ako roon at nadudurog ang puso ko, at binigyan ako ng Panginoon ng isang pangitain.

At ikukuwento ko po ang pangitain. Hindi ko alam kung kaya kong ipaliwanag ito, pero ikukuwento ko—ikukuwento ko ang pangitain sa unang pagkakataon.

<sup>187</sup> Nawalan ako ng ulirat. At, noong mangyari ’yun, may Kasama na ako. Hindi ko nakikita kung Sino. Tinig lamang. Tapos tumingin ako—tumingin ako. At habang nakatingin ako—ako sa gawi rito, ang sabi Niya, “Ang Nobya ay magpapakita para sa paunang pagpapakita.”

At tumingin ako, papalapit sa akin, at nakita ko ang pinaka—pinaka magagandang grupo ng malilinis ang pananamit na kababaihan na nakita ko sa buong buhay ko. Pero bawat isa sa kanila, ay parang, iba't iba ang bihis. Mahahaba ang buhok nilang lahat. At mahahaba ang mga manggas at mga palda, at kung ano pa. Mga kadalagahan, mukha silang, masasabi ko, parang mga nasa dalawampu.

<sup>188</sup> Ngayon nakabukas po ang Biblia rito sa harapan ko. Kita n'yo? Sasaysayin ko lang po kung anong nakita ko.

Gaya ng sasabihin n'yo, “Anong tinitingnan mo?” Nakatingin ako sa isang orasan. “Anong hanap mo?” Hanap ko'y mga tao, nakatingin sa mga tao. “Anong tinitingnan mo?” Nakatingin ako sa Biblia. Ganoon po. Katotohanan ang sinasabi ko. Yun mismo ang nakikita ko. At masasabi ko lang kung ano ang nakita ko. Hindi ko—hindi ko alam kung ano. . . ang lahat tungkol dito. Kinakailangan ko lang saysayin sa inyo.

<sup>189</sup> Pero, ito ngang Nobya, nakatingin Siya mismo sa. . . Yung kausap ko noon, at ako, magkatabi kaming nakatayo. Yung mga mata Niya, Siya ang pinakamalinis, pinakakalugud-lugod na anyo ng mga taong nakita ko sa buong buhay ko. Parang nasa sandosena, o higit pa, haya't. . . Hindi ko alam kung ilan ang magkakatabi, pero isang grupo mismo sila. At dumaan Siya, nang marahan, na may buhay. At nakatingin ang Kanyang mga mata, nagmamatyag, habang dumaraan Siya. Oh, ang ganda Niya! Tiningnan ko Siya, haya't habang dumadaan Siya. Sabi nung Tinig, “Ngayon tanawin naman natin. . .” Sabi, “Yan ang Nobya.”

“Ngayon tanawin naman natin ang mga iglesya.” At nagsimula silang dumating. Napansin ko sila habang paparating. At sa pagdating nila, bawat isa, parang, palala nang palala. Hindi pa ako nakakakita ng ganoong karuming grupo sa buong buhay ko.

At noong sabihin Niya, “Ang kasunod,” nakarinig ako ng ingay. At sabi Nito, “Ang kasunod,” sabi, “naritong parating ang grupo ng Amerika.”

<sup>190</sup> Ngayon, isa akong Amerikano, pero para bang nasusuka ako rito—rito. Hindi lang ako magaling magsalarawan, sa harap ng halo-halong mga tagapakinig dito, para maisaysay ko kung ano 'yung nangyari. Ako—ako—ako. . . Haya't kailangan n'yong talusin ang pagitan ng mga talatang-pahayag. Haya't noong papalapit ang mga kababaihan, ang nangunguna sa kanila'y isang bruha. May napakahabang ilong siya't napakalaking bibig. At lahat sila'y nakadamit ng kung anong uri ng pang-ibabang damit dito sa ibaba; tapos 'yung taas ay may kung anong tali lang, na, napakaliit, mga kalahating pulgada lang ang lapad na tali na nakapataas at nakapaikot sa kanila nang *paganito*. At bawat babae ay may suot na parang. . .

<sup>191</sup> Marami sa inyo, maraming taon na ang nakalipas, naaalala n'yo ba 'yung noong araw gumugupit tayo ng diyaryo, alam n'yo, pahayagan, tapos gumagawa tayo ng pantaboy ng langaw? Ilan ang nakakaalala pa? Alam n'yo. Aba, sa tingin ko gumagamit sila ng ganoon sa mga karnabal, alam n'yo na. Isinasabit nila nang paganoon, ginupit-gupit na papel, parang pahiyas.

May nakalagay sa ilalim nun na nagsisilbing kabitan, *nakapaganito*, nakabitin sa ibaba. Yung *isang* bahagi'y lantad.

At bawat isa'y napakaiksi ng gupit ng buhok, at may parang kulot-kulot sa buong palibot nun na nakapaganoon, talagang maiikling gupit ng buhok; at tadtad ng meykap. Ganap na walang ipinag-iba ang itsura sa mga patotot sa lansangan.

At naglalakad sila dala-dala ang papel na ito, at, grabe ang kahalayan! Ngayon, 'yung papel 'yung nagsisilbing takip sa harapan nila. Pero paglampas nila sa dakong tanawan, sa likuran nila. . . At ang makita 'yung paraan ng paglalakad nila, sa harapan man at sa likuran nila, at 'yung paraan ng kilos nila!

Sabi ko, "Yan na ba ang Iglesya?"

<sup>192</sup> At lumayo na sila. At nagsisiawitan sila nitong mga twist-and-roll na mga awitin, alam n'yo na, o kung anuman ang tawag n'yo rito, habang naglalakad, umaawit ng ganoon at dumaraan.

Sabi ko, "Yun ba ang Iglesya?" At nakatayo ako roon, at sa puso ko'y tumatangis ako.

At, 'yung bruha, sa tingin ko'y wala nang iba pa 'yun sa mundo kundi siya'y isang. . . Siya 'yung Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya, na pinangungunahan sila sa daan na tinatahak niya. Lumihis sila sa kaliwa, at naglaho sa kaguluhan; na tuluy-tuloy pa rin ang kalampagan nung tugtog at kung anu-anong kakatwang tunog ang lumalabas, at ikinekembot ang mga katawan nila, sa gawi rito at pagkatapos sa kabila naman. At pagkatapos, parang ganoon, patuloy sa ganoon, na naglalakad.

<sup>193</sup> At unti-unti na lang akong napayuko ng ulo ko at ang sabi Niya, "Sandali lang, dadaan uli ang Nobya."

At tumingin ako, at heto na sila ulit. At dumaan sila, isang kalugud-lugod tingnan na mumunting mga binibini. Lahat sila'y nakatingin sa akin, habang dumadaan sila. At napansin ko na bawat isa'y iba't iba ang bihis. At 'yung isa sa hulihan ay may mahabang buhok na nakalugay, at nakapulupot nang *paganito*; marahil isang Aleman o parang ganoon. At pinagmamasdan ko sila.

At pagkatapos habang papalayo na sila, dalawa o tatlo sa kanila, sa hulihan, ang para bang lumilihis ng hakbang, at sisigawan ko na sana sila. At sinusubukan nilang makabalik sa hakbang muli. At nakita ko sila, at 'yung pangitain ay basta na lang naglaho at iba na, ang nasa harapan ko.

<sup>194</sup> Ngayon heto ang paliwanag nito. Ang dahilan... Ngayon, alalahanin n'yo, katatapos ko lang magsulat... hindi pa ako tapos, hindi ko pa naisusulat ang mga tala na ito. Pero sa pangangaral, ngayong umaga, nahagip ko kung ano 'yun, habang nasa pangangaral ako. Napansin n'yo ba, 'yung iglesya'y nagpakita lang noong...

Ngayon, 'yan po ang Katotohanan, mga kaibigan. Ang Makalangit na Ama, na Siyang sumulat ng Salita, ay batid na ang sinasabi ko'y Katotohanan. Kita n'yo? Alam ko na ang sinasaysay ko ay Katotohanan lamang.

At hindi ko 'yun alam hanggang sa ilang mga minuto pa lang ang nakalilipas, tila ba, o nito-nito lang mismo, kita n'yo. Napansin n'yo ba? Dalawang beses nagpakita ang Nobya; ang unang Binhi at ang ikalawang Binhi, kapwa sila 'yung Isa na 'yun. At ang dahilan kung bakit sila iba... o iba't iba ang bihis na lugar, Siya kasi'y manggagaling sa lahat ng mga bansa, 'yun ang bubuo sa Nobya. Mahahaba ang buhok ng bawat isa, at walang meypap, at talagang magagandang babae. At minamasdan nila ako. Kinakatawan nun ang Nobya na manggagaling sa lahat ng mga bansa. Kita n'yo? Siya, bawat isa'y kumakatawan ng isang bansa, habang nagmamartsa sila nang ganap na nakalinya sa Salita. Kita n'yo?

<sup>195</sup> At, pagkatapos, binabantayan ko nga Siya. Malilihis Siya ng hakbang sa Salitang 'yun kung di ako magbabantay, habang dumaraan Siya, sa paglampas Niya. Baka 'yun na 'yung oras ko, kapag tapos na ako, kita n'yo, kapag natapos na ako, o kung ano man.

<sup>196</sup> Ano? Bumabalik sila sa ayos. Sinisikap nila sa abot ng makakaya nila, na makabalik, bumalik sa linya; dahil, bigla silang—silang napatingin sa iba, nasulyapan 'yung iglesya na humantong sa kaguluhan. Pero 'yung dalawa... 'yung mga nasa unahan, ay hindi nalihis. Yung mga nasa likod, dalawa o tatlo sa kanila, haya't medyo napapalihis nang kaunti sa gawing kanan, at tila sinusubukan nilang makabalik sa linya habang dumadaan sila. Kalalampas lang nila sa akin, oh, parang mula rito hanggang diyan sa pader ang distansya, paglampas sa akin. At nakatayo ako roon. At pagkatapos basta ko na lang 'yung nakita na umusad palayo at naglaho.

Pero, pansinin n'yo, ang iglesya'y minsan lang nagpakita, bawat bansa, ang iglesya. Pero 'yung Nobya'y nagpakita nang dalawang beses. Kita n'yo, nakita n'yo kung ano 'yun? Ngayon, hindi ko alam noon, pero tingnan n'yo rito sa Mensahe ko ngayong umaga. Hindi ko alam noon. Kita n'yo?

<sup>197</sup> Nahulog ang binhi sa lupa sa Nicea. Yun ang orihinal na Binhi. At dumaan Siya sa proseso ng mga denominasyong ito, na minsan lang limitaw. Pero babalik ang Nobya muli sa mga huling araw. "Aking ipapanauli." Kita n'yo, ang Obra

Maestra ay inilabas na. Yan ang dahilan kung bakit nagpakita Siya, muling nagpakita, sa ikalawang pagkakataon. Natanaw siya sa unang pagkakataon, pagkatapos natanaw uli siya sa ikalawang pagkakataon. At Siya'y perpektong-perpekto mismo, sa ikalawang pagkakataon, kagaya ng kung papaano Siya sa unang pagkakataon. Oh Diyos, mahabag Ka po! Dalian Mo, dalian Mo, dalian Mo, Buhay, pumasok Ka sa Butil, nang madalian! Uh-huh.

<sup>198</sup> Lahat ng iba pa'y hindi na nagpakita. Sila'y naglaho, hindi na muling babalik pa.

Pero nagbalik ang Nobya, dahil Siya'y Alpha at Omega. Ang Diyos, ang dakilang Eskultor, ay iginawa Siya ng Obra Maestra, dahil Ito'y bahagi nung una Niyang Obra Maestra. Gaya ng ginawa Niya sa halamanan ng Eden, haya't kumuha ng isang piraso mula roon, at gumawa ng isa pang piraso at 'yun ay nabangasan at bumagsak, ngayon sa haba ng panahon Siya'y bumubuo muli. At inilabas Niya ang Obra Maestrang ito, at hinampas ito, para . . . Yung bahagi na hinampas, ay para maipanumbalik uli ang Obra Maestra na 'yun, muli.

<sup>199</sup> Kaya, ang Obra Maestra at ang Anak ng Diyos, ang Obra Maestra at ang Nobya, at Yun nga'y isang bahagi Niya, na 'yun mismo ang katuparan ng Salita. Natupad na ang Salita, at handa na tayo para sa Pagparito ng Panginoon.

<sup>200</sup> Oh Iglesya ng buhay na Diyos, iyuko n'yo ang mga puso n'yo at ang inyong-inyong mga sarili sa harap ng Diyos. Ang mga bagay na ito'y totoo. Alam kong parang ganoon, na grabeng kadakilang bagay 'yun, na mapapasalahat ng mga bansa. Hindi kailanman. Hindi Niya binabago ang Kanyang pamamaraan. Magpasalamat kayo, Iglesya, magpasalamat kayo dahil kayo'y nasa kinalalagyan n'yo kung nasaan kayo ngayon dahil kayo'y nakay Cristo. Dahil, kita n'yo, ngayon, at kapag 'yung. . .

<sup>201</sup> Alalahanin n'yo, 'yung lahat ng Buhay na 'yun ay titipunin patungo sa Butil, para sa pagkabuhay na mag-uli, pero kailangang sunugin ang tangkay. Ang iba pa; ang ipa at lahat, haya't kinakailangang wasakin, at 'yun ang gagawin. Huwag kayong magtiwala sa inyong, mga denominasyon. Manatili kayo sa Salita, sa Buhay, sa Diyos at sa Kanyang Obra Maestra.

<sup>202</sup> Ano nga uli sa Milenyum? Si Cristo at ang Kanyang Nobya, bumalik sa halamanan ng Milenyum. Amen!

I love Him, I love Him  
Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

<sup>203</sup> Doon Siya hinampas. "Ipinagpalagay natin Siya na hinampas, sinaktan ng Diyos, at dinalamhati. Ngunit Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, Siya'y nabugbog dahil sa ating kasamaan."

204 Mayroon po ba rito, ngayong umaga, na wala pa sa Butil na 'yun ngayong umaga? At habang hinahatak na ngayon ng Buhay ang huling bahagi nito mula sa ipa, dahil natutuyo na ang ipa. Ilan ang nakakaalam na natutuyo na ang iglesyang Pentecostal? Anong ibig sabihin nun? Lumilisan na ang buhay rito. Sa totoo lang, umalis na. At kung ang Nobyang 'yun ay paunang natatanaw na, iniisip ko nga kung hindi kaya buo na ang Nobya, kung ganoon.

... love Him, I love Him  
Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

205 Habang nakayuko ang mga ulo natin ngayon. Mayroon po ba rito na nagnanais na maalaala? Kung pakiramdam n'yo hindi pa kayo...

Mga kaibigan, napakalinaw na po. Hindi pa ako nagkaroon ng pangitain sa buong buhay ko, maliban na may mangyayari, kasunod. Sinasabi ko ang Katotohanan. Sa lahat nitong iba pang mga pagkakataon, kapag Katotohanan ang sinasabi ko, haya't pinatutunayan 'yun ng Diyos. Kaya naman, Katotohanan itong sinasabi ko sa pagkakataon ding ito.

206 Hindi ko alam kung anong araw na itong kinabubuhayan natin, pero alam kong wala nang natitira. Walang pulitiko ang maaaring bumangon para makapagtuwid ng bagay na ito. Ang pulitika, ang bansa'y wala na. Oh Diyos! Maaari ba, maaari ba kayong magpakalalim nang sapat para—para—para madama 'yun. Ang bansa'y wala na; hindi nga lang bansa, kundi mga bansa. Pinakamainam na nga ito sa sambunton, pero haya't wala na rin. Kung ganoon, kung wala na ang mga bansa, wala na ang mundo. At ang mga iglesya, sa opinyon ko, ang Pentecostal ang pinakamainam na nagkaroon sila, pero wala na rin.

Oh Diyos, mahabag Ka po sa amin!

207 Kung di n'yo pa Siya nakikilala, pakiusap po dalian n'yo na, dalian n'yo na. Kung nararamdaman n'yo ang Buhay, umalis na kayo sa... umalis na kayo sa kasalanan n'yo, lumabas na kayo sa bagay na 'yan na kinasasadlakan n'yo. Dumako na kayo sa Butil, agad-agad. Mamamatay kayo sa tangkay, o sa ipa.

Manalangin po tayo, habang umaawit tayo ngayon. "Iniibig ko Siya."

Nasa sa inyo na ito ngayon. Wala tayong denominasyon, walang kahit na ano. Ang mayroon lang tayo ay si Cristo. Kayo'y malugod na tinatanggap na sumamba kasama Siya, kasama namin, hanggang sa Siya'y dumating. Hindi namin mailalagay ang pangalan n'yo sa aklat; dahil wala kaming ganoong mga aklat. Ang nais nami'y ang pangalan n'yo ay naroon sa Aklat ng Buhay. Magagawa n'yo lamang 'yun sa pamamagitan ng Kapanganakan. Maaari n'yo na bang gawin ngayon na?

Humiling kayo kay Cristo ng bagong Buhay, papasukin kayo, ilagay ang pangalan n'yo sa Kanyang Aklat, kung wala pa. Pagkatapos, maaari kayong makisama sa pagbubuklod namin, ikagagalak namin na makasama kayo. "Ako. . ."

<sup>208</sup> Minamahal na Diyos, tulungan Mo po ang bawat isa ngayon na mag-imbentaryo, tingnan kung kami'y nasa Kanya na. Inibig Mo kami. Hinampas Ka para sa amin, at ipinalagay Ka namin na sinaktan at dinalamhati ng Diyos. Dalangin ko, Diyos, na Iyong tatawagin ang bawat isa. Panginoon, mangusap Ka po sa aking mga anak, sa mga mahal sa buhay ko, sa mga kaibigan ko. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, ngayon po, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

<sup>209</sup> Huwag Mo pong hayaang magpatumpik-tumpik ang sinuman nang napakatagal, Panginoon. Mukhang napakalapit na. Totoong hinog na ang aanihin. Ang dakilang pang-ani ng Diyos ay dadaan na sa lupain isa sa mga araw na ito, magliliparan na ang mga dayami sa bawat direksyon; pero ang Trigo ay titipunin papunta sa kamalig, kukunin, dahil sa loob Nito ay Buhay. Iyo pong ipagkaloob, Panginoon, na ang bawat kahilingan ay matugunan, bawat panalangin ay mapangyari sa harapan Mo.

<sup>210</sup> Idinadalangin ko sila, Panginoon. Dalangin ko na hindi Mo hahayaan na may sinuman dito na mapahamak, Panginoon. Sila—sila—sila'y dumadanas ng paghihirap; sila—sila—sila'y bumiyahe pa nang daan-daang milya. At anuman ang pangangailangan namin, Iyo pong ipagkaloob sa amin, Panginoon, anuman ang mabuti para sa amin, Panginoon; hindi 'yung mabuti sa paningin namin, kundi yaong mabuti sa Iyong paningin. Nais naming tumayo bilang isang dalisay na birhen na dinisiplina, sinaway ng Diyos, para kami'y puspusang maging malinis mula sa mga kasalanan namin. At inihahandog ko po ang panalangin kong ito para sa kanila, Panginoon.

<sup>211</sup> Hindi ko—hindi ko—hindi ko alam kung paano manalangin. Kami'y—kami'y nakikipag-usap sa Makapangyarihang Diyos. At anong tao, anong mortal ang kayang makapanalangin ng tamang uri ng panalangin sa harapan ng buhay na Diyos? Pero, Panginoon, ang mga salita ko na di tama ang bigkas, at mga pangngalan at mga panghalip ko—ko na nasa—nasa maling puwesto; kung nagawa Mo pong makalap ang mga ABC ng isang munting batang lalaki isang araw, at—at bumuo ng pangungusap, maaari Mo—Mo pong iwaglit ang mga pangngalan at mga panghalip ko at ang titingnan na lamang ay kung ano ang sinasampalatayanan ko, Panginoon.

Sinasampalatayanan Kita. Sinasampalatayanan ko ang Salitang ito. At nananampalataya ako para sa bawat isa rito. At akin—akin pong dinadala sila sa Dambana na 'yun, Panginoon, sa pamamagitan ng pananampalataya, kung saan sa pagitan

namin at ng Dakilang Jehovah ay ang Dugo ng Kanyang Anak, na si Jesus. At ang Dugo'y magsasalita para sa amin. Noong hampasin Mo Siya sa Kalbaryo, ang sabi Mo, "Magsalita Ka!" "Pakinggan n'yo Siya!" "At ang Dugo," sabi ng Biblia, "ay nagsasalita ng lalong mabuting mga bagay kaysa sa dugo ng kordero sa Lumang Tipan, dahil ang Dugo ni Cristo'y nagsasalita nang lalong mabuti kaysa sa dugo ni Abel; higit na dakilang mga bagay." At magsalita Ka po, Panginoon, ng katubusan para sa amin, habang kami'y tumatawag sa pamamagitan ng Dugo.

<sup>212</sup> Dakilang Ama ng Buhay, ibilang Mo po kami, Panginoon. Kung kami—kung kami'y nagkasala, alisin Mo po ito sa amin. Kami, ayaw po naming maging ganoon, Panginoon. Hindi po 'yun ang intensyon namin.

At napagtatanto namin na nabubuhay kami sa isang kakila-kilabot, na madilim na daan. Gaya ng sinabi namin sa pasimula, naglalakad kami paakyat ng isang bundok, sa mga baku-bakong dako. Madilim ang landas, pero dala-dala namin ang Liwanag. Nawa'y makita namin, sa bawat hakbang at hakbang, habang kami'y nagpapatuloy ngayon; hanggang sa harapin namin, gaya nung sa *Pilgrim's Progress*, na sa dulo'y mararating namin ang ibabaw ng Buro. Iyo pong gabayan kami, Oh Pastol. Dakilang Jehovah, pangunahan Mo po kami ng Iyong Espiritu.

<sup>213</sup> At alam namin na malayo pa kami sa pagiging obra maestra; pero nakatingin kami sa kung saan kami tinapyas, sa tunay na Obra Maestra, at sa Kanya kami nagtitiwala. Dalhin Mo po kami sa Kanya, Panginoon. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

<sup>214</sup> Iyo pong pagalingin ang lahat ng mga maysakit dito, Panginoon. "Ipinalagay namin Siya na sinaktan at dinalamhati. Ngunit Siya'y nasugatan dahil sa aming mga pagsalangsang." Ang Obra Maestra ng Diyos ay hinampas. "At Siya'y nasugatan dahil sa aming mga pagsalangsang; sa Kanyang mga latay ay kami'y pinagaling." Pagalingin Mo po ang mga maysakit, Panginoon, sa Iyong Makalangit na Presensya ngayon, habang batid namin na narito Ka.

<sup>215</sup> Iyo pong linisin ang mga kaluluwa namin, ang mga puso namin, mula sa lahat ng kasamaan, lahat ng masasamang pag-iisip, lahat ng masasamang pakikipag-usap, lahat ng mga bagay na mali. Linisin Mo po kami. At dalangin namin, Ama, na Iyong pagagalingin ang karamdaman namin, at ibunsod Mo kaming umalis dito na nadarama namin na kami'y Iyong mga anak na pinaging banal. At habang nasa ibabaw namin ang Dugo, nangungusap kami sa pamamagitan ng Dugo, ng Salita. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>216</sup> Diyos Ama, sa mga panyong ito, pahiran Mo po sila ng Iyong Presensya, Panginoon. Nawa ang Iyong Presensya'y manatili sa mga ito saanman makarating ang mga ito. Sa kaninuman

maipatong ang mga ito, sa anumang katawang may sakit, nawa'y gumaling sila. At kahit ano pa, maging wasak mang tahanan sa kung saan, ayusin Mo po ito, Panginoon, ang dakilang Eskultor. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

<sup>217</sup> Hulmahin Mo po kami, at gawin kaming mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Naniniwala kami na ang Nobya ay nalalapit na sa huling pagpapakinis sa kanya. Hahampasin Ito mula sa binuong organisasyon, nang lubos, at pagkatapos ang dakilang pag-aani ay darating na. Hanggang sa panahon na 'yan, Panginoon, gawin Mo po silang malusog at masaya, na paglingkuran Ka. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

I love Him, I . . .

Iniibig n'yo ba talaga Siya?

Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On . . .

<sup>218</sup> Ngayon nauunawaan n'yo na ba kung bakit pinagsasabihan ko kayo? Hindi 'yan dahil sa iniibig ko kayo. . . o hindi dahil sa hindi ko kayo iniibig. Iniibig ko kayo. Hangad ko ang isang Obra Maestra para sa Panginoon. Marahil kakailanganin kong magtapyas-tapyas katulad nito, pero mabibiyayaan ako ng isang Obra Maestra, isa sa mga araw na ito, kung patuloy ko itong maiingatang nakalinya sa Salitang ito. Tama.

<sup>219</sup> Ngayon ang sabi ni Jesus, "Sa pamamagitan nito ay malalaman ng lahat ng mga tao na kayo'y Aking mga alagad, kapag kayo'y may pag-ibig sa isa't isa." Dapat tayong lubos na mag-ibigan sa isa't isa!

Blest be the tie that binds  
Our hearts in Christian love;  
The fellowship of kindred mind  
Is like to that Above.

Hawakan natin ang mga kamay ng isa't isa.

When we asunder part,  
It give us inward pain;  
But we shall still be joined in heart,  
And hope to meet again.

Take the name of Jesus with you,  
Child of sorrow at of woe;  
It will joy and comfort give you,  
Take it everywhere you go.

Precious Name, O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven;  
Precious Name, O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven.

Ngayon alalahanin n'yo, sa paglalakbay n'yo:

Take the name of Jesus with you,  
As a shield from every care;  
When temptations round you gather, (Ano  
nang gagawin n'yo sa panahon na 'yan?)  
Just breathe that holy Name in prayer.

Oh precious Name, O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven;  
Precious Name, O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven.

Till we meet!

Iyuko natin ang mga ulo natin. Oh, gustung-gusto kong  
umawit!

Till we meet at Jesus' feet;  
Till we meet! till we meet!  
God be with you . . . 

64-0705 Ang Obra Maestra  
Branham Tabernacle  
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2026 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)